

Manual ng Mga Hakbang sa Kaligtasan at Kalusugan para sa Mga Technical Intern Trainee

Mga Trabahong Nauugnay sa Agrikultura




Talaan ng Mga Nilalaman

1	Pangkalahatang-ideya ng Programang Pagsasanay sa Technical Intern	
1	Panimula	1
2	Istruktura ng Programang Pagsasanay sa Technical Intern	2
3	Mga Trabahong Nauugnay sa Agrikultura at Panggugubat.....	3
4	Residence Card	5
2	Mga Pangunahing Kaalaman sa Kaligtasan at Kalusugan.....	7
3	Pagpapatupad ng Mga Aktibidad sa Kaligtasan at Kalusugan ...	16
4	Pagtitiyak ng Kaligtasan para sa Makinaryang Pang-agrikultura	20
5	Pagtitiyak ng Kaligtasan para sa Mga Tool sa Pagsasaka, Stepladder, at Hagdan	30
6	Pamamahala sa Kaligtasan at Kalusugan sa Loob ng Mga Kulungan ng Baka	32
7	Ligtas na Paghawak sa Mga Pesticide.....	33
8	Mga Hakbang sa Pag-iwas sa Heatstroke	34
9	Mga Hakbang sa Pag-iwas sa Pananakit ng Ibabang Bahagi ng Likod	37
10	Mga Hakbang sa Pag-iwas sa Kagat ng Insekto.....	39
11	Mga Hakbang sa Pag-iwas sa Anoxia	42
12	Ang Kahalagahan ng Komunikasyon sa Mga Technical Intern Trainee	45
13	Pagpapatupad ng Mga Medikal na Pagsusuri	46
14	Mga Halimbawa ng Mga Pinsala Dahil sa Trabaho	48

1 Panimula

Pagbabago sa bilang ng mga inaprubahang plano para sa pagsasanay sa technical intern



(Pinagmulan: Istatistika ng Administrasyon, Organization for Technical Intern Training)


Lubhang bumaba ang bilang ng mga inaprubahang plano sa Programang Pagsasanay sa Technical Intern noong FY2020 at FY2021 kumpara sa bawat isa sa mga nakaraang taon, na naapektuhan ng mga paghihigpit sa pagbiyahe papuntang Japan dahil sa mga hakbang para maiwasan ang mga impeksyon sa COVID-19. Gayunpaman, tumataas ang bilang mula FY2022, nang paunti-unting pinaluwag ang mga paghihigpit sa pagbiyahe papuntang Japan.

Kapag tiningnan ang bilang ng mga inaprubahang plano para sa mga trabahong nauugnay sa agrikultura, mula sa kabuuan, may 32,419 na kaso noong FY2019 bago ang epekto ng mga impeksyon sa COVID-19. pero noong FY2023, mayroon lamang 25,077 kaso, na nangangahulugang hindi pa bumabalik ang sitwasyon sa mga nakaraang antas. Gayunpaman, ang bilang ng mga trabahong nauugnay sa agrikultura bilang porsyento ng bilang ng mga inaprubahang plano ay nanatili sa hindi nagbabagong porsyentong humigit-kumulang 7.2% noong FY2023.

Dagdag pa rito, halos lahat ng mga nagpapatupad na organisasyon na nagsasagawa ng pagsasanay sa mga trabahong nauugnay sa agrikultura ay mga nagsusubaybay na uri ng nagpapatupad na organisasyon, at kadalasang ibinibigay ang pagsasanay sa technical intern ng mga mga sole proprietor na nagpapatupad na organisasyon. Gayunpaman, puwedeng hindi ganap na makapagpatupad ang mga sole proprietor na ito ng mga hakbang sa kaligtasan at kalusugan para sa mga technical intern trainee dahil sa kakulangan nila ng mga indibidwal na may kaalaman tungkol sa kaligtasan at kalusugan.

Nagkokolekta ang manual na ito ng maraming impormasyong bumubuo sa batayan ng mga hakbang sa kaligtasan at kalusugan na partikular sa mga trabahong nauugnay sa agrikultura. Dagdag pa rito, pinagpasyahang ilathala ang manual na ito kasama ng mga isinaling bersyon sa 9 na wika para magamit ng lahat ng nagpapatupad na organisasyon ang impormasyong ito para magbigay ng gabay sa kanilang mga technical intern trainee.

Umaasa kaming makakatulong ang paggamit ng manual na ito para paigtingin ang mga hakbang sa kaligtasan at kalusugan para sa lahat ng taong may kinalaman sa pagsasanay sa technical intern.



3 Mga Trabahong Nauugnay sa Agrikultura at Panggugubat

Kasalukuyang 91 kategorya ng trabaho at 167 operasyon ang itinakda bilang kategorya ng trabaho at operasyong napapailalim sa paglipat na puwedeng maging pagsasanay sa technical intern (ii) sa loob ng Programang Pagsasanay sa Technical Intern. Sa mga ito, ang sumusunod na 3 kategorya ng trabaho at 7 operasyon ang itinakda bilang nauugnay sa agrikultura at panggugubat.

Dagdag pa rito, itinakda ang mga pamantayan para sa kinakailangang trabahong dapat gawin ng mga technical intern trainee para sa bawat kategorya ng trabaho at operasyon, at dapat gawin ang mga kinakailangang trabahong ito nang hindi bababa sa 50% ng panahon ng pagsasanay sa technical intern sa bawat yugto (i) hanggang (iii).

Nauugnay sa agrikultura at panggugubat (3 kategorya ng trabaho at 7 operasyon, mula noong Setyembre 30, 2024)

Mga Kategorya ng Trabaho	Mga Operasyon
Agrikultura ng paglililang	Horticulture sa pasilidad
	Pagtatanim sa mataas na bukid/pagpapabunga ng gulay
	Pagpapabunga ng prutas
Agrikultura ng hayop	Pagpapalaki ng baboy
	Pagpapalaki ng manok (pangongolekta ng mga itlog ng manok)
	Pagawaan ng gatas
Panggugubat	Silviculture/productsyon ng mga troso

*Idinagdag ang mga trabaho sa panggugubat mula Setyembre 30, 2024.

Tumutukoy ang manual na ito sa mga trabahong agrikultura ng paglililang at agrikultura ng hayop bilang “mga trabahong nauugnay sa agrikultura”.

Pagsusulit sa mga kasanayan sa trabaho at eksaminasyon sa pagtatasa sa pagsasanay sa technical intern

Ipinatupad ang pagsusulit sa mga kasanayan sa trabaho at eksaminasyon sa pagtatasa sa pagsasanay sa technical intern para itasa ang mga kasanayang natutunan ng mga technical intern trainee para sa bawat uri ng trabaho sa Programang Pagsasanay sa Technical Intern. Dapat kunin at ipasa ng mga technical intern trainee ang kaukulang pagsusulit para lumipat at tumanggap ng pagsasanay sa technical intern (i) hanggang (ii) at hanggang (iii). Samakatuwid, dapat magbigay ng naaangkop na gabay sa mga technical intern trainee sa kanilang pang-araw-araw na pagsasanay sa technical intern para matiyak na matututunan nila ang mga kasanayang naaangkop sa yugto ng pagsasanay sa technical intern na pinag-aaralan nila.

Ang pagsusulit sa mga kasanayan sa trabaho sa Programang Pagsasanay sa Technical Intern ay may pangunahing antas, antas 3, antas 2, at advanced na antas.

Ang Mga Asosasyong Pang-prefecture sa Pag-unlad ng Bokasyonal na Kakayahan ang nagpapatupad ng mga pagsusulit. Dagdag pa rito, para sa pagsasanay ng nagsusubaybay na uri ng organisasyon, dapat mag-apply ang mga organisasyon para sa pagsusulit sa Website ng Suporta sa Mga Pamamaraan sa Pagsusulit na ibinigay ng Organisasyon para sa Technical Internal na Pagsasanay (<https://www.juken.otit.go.jp/>) (Japanese na bersyon lang).

* Para sa mga trabahong nauugnay sa agrikultura, dapat kunin ng mga technical intern trainee ang pagsusulit sa pagtatasa ng mga pang-agrikulturang kasanayan na ipinatupad ng Pambansang Kamara ng Agrikultura. Ipinapakita sa ibaba ang mga antas at kwalipikasyon ng pagsusulit.

Antas	Mga Operasyon	Mga detalye ng pagsusulit
Panimulang antas	Mga trainee na may 6 o higit pang buwan ng praktikal na karanasan	Kinakailangan ng mga pangunahing kasanayan at kaalaman para magsagawa ng pangunahing trabaho
Intermediate na antas	Mga trainee na may 12 o higit pang buwan ng praktikal na karanasan	Kinakailangan ng mga kasanayan at kaalaman para magsagawa ng pangunahing trabaho
Pandalubhasang antas	Mga trainee na may 24 o higit pang buwan ng praktikal na karanasan	Mga kasanayan at kaalamang kadalasang mayroon ang mga magsasaka sa panimulang antas
Advanced na antas	Mga trainee na may 48 o higit pang buwan ng praktikal na karanasan	Mga kasanayan at kaalamang kadalasang mayroon ang mga karaniwang magsasaka

Mahalagang punto

Ang mga bayaring nauugnay sa pagkuha ng pagsusulit sa mga kasanayan sa trabaho at eksaminasyon sa pagtatasa sa pagsasanay sa technical intern ay dapat bayaran ng mga nagpapatupad na organisasyon o sumusubaybay na organisasyon batay sa “pangunahing patakaran para sa wastong pagpapatupad ng pagsasanay sa technical intern at proteksyon ng mga technical intern trainee (Abiso ng Kagawaran ng Hustisya at Kagawaran ng Kalusugan, Paggawa, at Kapakanan Blg. 1 ng 2017)” (Japanese na bersyon lang).

Bilang mga residenteng hindi panandalian o pangmatagalan, kailangang palaging dalhin ng mga technical intern trainee ang kanilang mga residence card, ayon sa tuntunin, batay sa Artikulo 23 ng Batas sa Pagkontrol ng Imigrasyon at Pagkilala sa Refugee (Utos ng Gabinete Blg. 319 ng 1951, mula rito ay tutukuyin bilang “Batas sa Pagkontrol ng Imigrasyon”).

Ipinagbabawal din ang pagtatabi ng mga residence card ng mga nagsusubaybay na organisasyon at nagpapatupad na organisasyon, batay sa Artikulo 48 ng Batas sa Wastong Pagsasanay sa Technical Intern at Proteksyon ng Mga Technical Intern Trainee.

* Pinapayagan ang mga empleyado ng isang nagsusubaybay na organisasyon na pansamantalang humawak ng residence card para sa mga legal na pamamaraan tulad ng pagbabago ng katayuan ng paninirahan, pero dapat iklian ang panahon ng paghawak hangga't posible.

Dagdag pa rito, pag-isipan ding tumugon tulad ng pagbibigay ng resibo para gumawa ng malinaw na rekord na inilipat ang residence card sa anumang paraan sa pagitan ng empleyado at trainee.

住居地 (Lugar ng tirahan)

Nakalista sa likod ng card ang anumang pagbabago.

就労制限の有無 (Mga paghihiigpit sa trabaho)

Hindi puwedeng magtrabaho sa mga aktibidad maliban sa pagsasanay sa technical intern.

在留期間 (満了日) (Panahon ng pananatili (petsa ng pag-expire))

Ipinapakita ang panahon kung kailan puwedeng manirahan ang trainee sa Japan.

有効期間 (Panahon ng bisa)

Ito ang panahon ng bisa para sa residence card.

資格外活動許可欄

(Mga pinapayagang aktibidad maliban sa tinukoy sa katayuan ng paninirahan)

Hindi puwedeng payagan ang mga technical intern trainee na magtrabaho sa mga aktibidad maliban sa tinukoy sa kanilang katayuan ng paninirahan.



► Pakitingnan ang seksyong “Ano ang residence card?” (Japanese na bersyon lang) ng website ng Ahensya ng Mga Serbisyo sa Imigrasyon para sa mga detalye tungkol sa kung paano basahin ang residence card.

https://www.moj.go.jp/isa/applications/faq/newimmiact_4_point.html#anchor-point 1

Mahalagang punto 1

Puwede mong tingnan ang bisa ng isang residence card.

Ilagay ang kinakailangang field kabilang ang numero ng residence card sa seksyong “Pagtatanong sa Impormasyon sa Pag-expire ng Numero ng Residence Card” (Japanese na bersyon lang) ng website ng Ahensya ng Mga Serbisyo sa Imigrasyon para tingnan kung nag-expire na ang inilagay na numero ng card. <https://lapse-immi.moj.go.jp/ZEC/appl/e0/ZEC2/pages/FZECST011.aspx>



Mahalagang punto 2

Posibleng naiiba ang panahon ng bisa sa ipinapakita sa harap ng card.

Kadalasan, ang panahon ng bisang ipinapakita sa harap ng card ay ang panahon ng bisa ng residence card. Gayunpaman, kung nagsumite ng aplikasyon para baguhin ang katayuan ng paninirahan para palawigin ang panahon ng pananatili bago ang petsa ng pag-expire para sa panahon ng pananatiling ipinapakita sa harap ng card, ililista ito sa likod ng residence card, at magkakabisa ang card hanggang sa 2 buwan pagkatapos ng petsa ng pag-expire para sa panahon ng pananatiling ipinapakita sa harap ng card, maliban kung may pasya na para sa aplikasyon.


Pakitandaan

Kung pinayagan ng isang nagpapatupad na organisasyon ang technical intern trainee na magtrabaho nang part-time sa ibang nagpapatupad na organisasyon (para sa isang kumpanya o indibidwal), o kung nag-hire ito ng dayuhan nang walang katayuan ng paninirahan na kinakailangan para magtrabaho, o pahintulot para magtrabaho sa mga aktibidad maliban sa tinukoy sa kanyang katayuan ng paninirahan, puwedeng kasuhan ang nagpapatupad na organisasyon ng krimeng ilegal na promosyon ng trabaho (Artikulo 73-2 ng Batas sa Pagkontrol ng Imigrasyon). Kapag kinakailangang tingnan ang katayuan ng paninirahan ng isang dayuhan, makipag-ugnayan sa iyong pinakamalipat na panrehiyong kawanihan ng mga serbisyo sa imigrasyon.

Mga Pangunahing Kaalaman sa Kaligtasan at Kalusugan

*Inililista ng manual na ito ang Batas sa Kaligtasan at Kalusugan sa Trabaho (Batas Blg. 57 ng 1972) bilang "Batas sa Kaligtasan at Kalusugan sa Trabaho" at ang Ordinansa sa Kaligtasan at Kalusugan sa Trabaho (Utos ng Kagawaran ng Paggawa, Blg. 32 ng 1972) bilang "Ordinansa sa Kaligtasan at Kalusugan".

Batas sa Kaligtasan at Kalusugan sa Trabaho



Edukasyon sa kaligtasan at kalusugan para sa mga technical intern trainee

Para mas maunawaan ng mga technical intern trainee ang edukasyon sa kaligtasan at kalusugan, turuan ang mga trainee ng simpleng Japanese para gamitin kapag tumutugon sa mga emergency at mga abnormal na kondisyon, at gumamit ng madaling maunawaang mga larawan at video.



Edukasyon sa kaligtasan at kalusugan kapag nagha-hire, at kapag nagbago ang uri ng trabaho (Artikulo 59, talata (1) at (2) ng Batas sa Kaligtasan at Kalusugan sa Trabaho)

Magpatupad ng edukasyon sa kaligtasan at kalusugan nang walang pagkaantala para sa mga sumusunod na usapin, kapag nagha-hire ng mga bagong technical intern trainee (mga manggagawa) at kapag nagbago ang uri ng trabaho.

- ① Mga usapin ukol sa mga panganib o peligro ng mga makina at hilaw na materyal, at kung paano hawakan ang mga bagay na ito
- ② Mga usapin ukol sa performance ng mga pangkaligtasang device, device sa pagkontrol ng nakakapinsalang substance, o pamprotektang gear, at kung paano hawakan ang mga bagay na ito
- ③ Mga usapin ukol sa mga pamamaraan sa trabaho
- ④ Mga usapin ukol sa inspeksyon kapag sinisimulan ang trabaho
- ⑤ Mga usapin ukol sa sanhi ng, at pag-iwas sa mga sakit na puwedeng makuha kapag ginagawa ang ganitong uri ng trabaho
- ⑥ Mga usapin ukol sa pagpapanatili ng Seiri (Pagbukud-bukurin), Seiton (Ayusin) at Seiketsu (Isapamantayan)
- ⑦ Mga usapin ukol sa mga hakbang sa emergency at paglikas kapag may aksidente
- ⑧ Bukod pa sa impormasyong nakalista sa mga naunang item, ang anumang usaping kinakailangan para sa kaligtasan o kalusugan sa trabaho

Espesyal na edukasyon

(Artikulo 59, talata (3) ng Batas sa Kaligtasan at Kalusugan sa Trabaho (Artikulo 36 ng Ordinansa sa Kaligtasan at Kalusugan))

Kapag nagtalaga sa mga technical intern trainee (mga manggagawa) ng ilang partikular na mapanganib o mapaminsalang trabaho, dapat magpatupad ng espesyal na edukasyon ukol sa kalusugan o kaligtasan tungkol sa trabahong ito. Ibinibigay ang espesyal na edukasyon ng mga rehistradong ahensya sa pagsasanay na matatagpuan sa bawat prefecture.

Dagdag pa rito, kung may tao sa kumpanya na may sapat na dalubhasang kaalaman at karanasan sa mga tungkulin, puwedeng ipatupad ang pagsasanay sa kumpanya, at ang taong ito ang instructor.

Maglilista kami rito ng mga bagay na pangunahing nauugnay sa agrikultura mula sa mga trabahong nangangailangan ng espesyal na edukasyon.

Kung gusto mong matuto pa, pakitingnan ang seksyong “Impormasyon tungkol sa mga lisensya, kwalipikasyon, kurso ng skill training, at espesyal na edukasyong nauugnay sa kaligtasan at kalusugan sa trabaho” (Japanese na bersyon lang) sa website ng Kagawaran ng Kalusugan, Paggawa, at Kapakanan (https://www.mhlw.go.jp/stf/seisakunitsuite/bunya/roudoukijun/anzenisei10/qualification_education.html).

[Trabaho gamit ang chainsaw para sa pagpuputol ng nakatayong puno, pagtapon ng nakabiting puno, o paghihiwa ng mga natumbang puno]



[Trabahong nagpapatakbo ng forklift na may maximum na kargang wala pang 1 tonelada]


[Trabahong nagpapatakbo ng shovel loader o fork loader na may maximum na kargang wala pang 1 tonelada]

[Trabahong nagpapatakbo ng transporting vehicle sa hindi pantay na lupain na may maximum na kargang wala pang 1 tonelada]

[Pagpapatakbo ng sasakyang uri ng makinang pangkonstruksyon (para sa pagpapatag ng lupa, atbp.)]

Trabahong nagpapatakbo ng maliliit na sasakyang uri ng makinang pangkonstruksyon (para sa pagpapatag ng lupa, transportasyon, at paghuhukay) na may timbang ng sasakyan na wala pang 3 tonelada* tulad ng mga bulldozer, drag shovel, power shovel, scrape dozer, at wheel loader


*Hindi puwedeng magpatakbo ang mga trainee ng timbang ng sasakyan na 3 tonelada o higit pa maliban kung natapos nila ang kurso ng skill training.



[Trabahong nagpapatakbo ng crane na may kapasidad sa pagbubuhat na wala pang 5 tonelada]

[Trabahong nagpapatakbo ng mobile crane na may kapasidad sa pagbubuhat na wala pang 1 tonelada]

[Trabahong may kinalaman sa sling work para sa crane o mobile crane na may kapasidad sa pagbubuhat na wala pang 1 tonelada]




[Trabahong nauukol sa pagkakabit, pagkalas, o pagbabago ng scaffolding]

- Kabilang ang horse scaffolding at mga rolling tower sa terminong “scaffolding”.
- * Dahil walang limitasyon sa mga uri ng scaffolding at sa mga taas ng mga ito, ayon sa tuntunin, itinuturing na scaffolding ang hiwalay na work platform at mga suportang pinagkakabit bilang iisang unit gaya ng ipinapakita sa larawan, at nangangailangan ito ng espesyal na edukasyon.



[Trabahong nauukol sa trabaho sa lugar na may panganib na kakulangan sa oxygen]

Trabahong ginagawa sa mga silo o katulad na istruktura kung saan may posibilidad ng mababang konsentrasyon ng oxygen.



[Edukasyon sa kaligtasan at kalusugan para sa mga operator ng brush cutter*]

Mga taong gumagawa ng trabahong gumagamit ng brush cutter.

- * Ito ay edukasyon sa kaligtasan at kalusugan (edukasyong sumusunod sa mga espesyal na kinakailangan sa edukasyon) batay sa Abiso ng Kagawaran ng Kalusugan, Paggawa, at Kapakanan na “Edukasyon sa Kaligtasan at Kalusugan para sa Mga Operator ng Brush Cutter (Abiso Blg. 66 na may petsang Pebrero 16, 2000)” (Japanese na bersyon lang)



Kapag pumasok ang mga technical intern trainee sa trabahong may mga paghihigpit (trabahong itinakda ng Batas sa Kaligtasan at Kalusugan sa Trabaho bilang partikular na mapanganib o mapinsala), dapat silang magkumpleto ng mga kurso ng skill training.

Maglilista kami rito ng mga bagay na pangunahing nauugnay sa agrikultura mula sa mga trabahong nag-aatas sa mga trainee na magkumpleto ng mga kurso ng skill training.

[Pagpapatakbo ng forklift]

Trabahong may kinalaman sa pagpapatakbo ng forklift na may pinakamataas na kapasidad ng pagkarga na 1 tonelada o higit pa



[Pagpapatakbo ng sasakyang uri ng makinang pangkonstruksyon (para sa pagpapatag ng lupa, atbp.)]

Trabahong nagpapatakbo ng mga sasakyang uri ng makinang pangkonstruksyon (para sa pagpapatag ng lupa, transportasyon, at paghuhukay) na may timbang ng sasakyan na 3 tonelada o higit pa tulad ng mga bulldozer, drag shovel, power shovel, scrape dozer, at wheel loader


[Pagpapatakbo ng shovel loader]

Trabahong nagpapatakbo ng shovel loader o fork loader na may maximum na kargang 1 tonelada o higit pa




[Pagpapatakbo ng transporting vehicle sa hindi pantay na lupain]

Trabahong nagpapatakbo ng transporting vehicle sa hindi pantay na lupain na may maximum na kargang 1 tonelada o higit pa



[Pagpapatakbo ng maliit na mobile crane]

Mga mobile crane na may kapasidad sa pagbubuhat mula 1 tonelada hanggang sa wala pang 5 tonelada



Kinakailangan sa sumusunod na trabaho na may nakatalagang operations chief, at ang taong ito ay dapat nakakuha ng lisensya o kumumpleto ng mga kurso ng skill training para magtrabaho bilang operations chief.

- * Dapat magtalaga ng operations chief ayon sa kategorya ng trabaho para sa partikular na trabahong dapat pamahalaan para maiwasan ang mga pinsala sa trabaho batay sa Artikulo 14 ng Batas sa Kaligtasan at Kalusugan sa Trabaho.

Maglilista kami rito ng mga bagay na pangunahing nauugnay sa mga trabahong nauugnay sa agrikultura.

[Operations chief ng pagtatambak ng kargamento]

Trabahong may kinalaman sa pagsasalansan (pagtatambak*) at pagdiskarga ng kargamento (paghihiwalay) sa taas na 2 metro o higit pa (hindi kabilang ang trabahong isinasagawa lang gamit ang makinarya sa paghawak ng kargamento).

- * Tumukoy ang pagtatambak ng kargamento sa kargamentong isinalansan sa isang bodega, kubol, o sa lupa. Ibinabalot ang kargamento sa mga bag, kahon, o paldo, at maging ang kahoy ay kasama sa kategoryang ito.

[Operations chief ng trabahong may kakulangan sa oxygen]

Para sa trabahong ginagawa sa mga silo o katulad na istruktura kung saan may posibilidad ng mababang konsentrasyon ng oxygen, dapat magtalaga ng operations chief ng mapeligrong trabahong may kakulangan sa oxygen.

Para magtrabaho bilang ganitong uri ng operations chief, dapat nakakumpleto ang taong ito ng kurso ng skill training para sa operations chief ng mapeligrong trabahong may kakulangan sa oxygen, o ng kurso ng skill training para sa mapeligrong trabahong may kakulangan sa oxygen at hydrogen sulfide.



Pagsuot ng mga pantrabahong damit at pangkaligtasang helmet


Ang pagsuot ng tamang damit ang unang hakbang sa kaligtasan para protektahan ang mga manggagawa sa mga aksidente sa trabahong pang-agrikultura.

Posibleng matrabaho ito, pero mapapadali ang trabaho kapag nagsuot ng tamang damit. Samakatuwid, pumili ng angkop na damit at pamprotektang gear batay sa trabahong ginagawa ng mga technical intern trainee.

* Magsuot ng mga kamisetang may mahahabang manggas at pantalon (hindi maiikling manggas o shorts) para maprotektahan laban sa mga pinsala mula sa mga dahon ng gulay at kagat ng insekto.

2

Mga Pangunahing Kaalaman
sa Kaligtasan at Kalusugan



[Mga helmet]

Magsuot ng helmet kapag nagtatrabaho sa mapapanganib na lugar tulad ng matataas na lugar, mga lugar na may mga lumilipad na debris, mga lugar na may mga nahuhulog na bagay, at pati kapag bumibiyahe sa kalsada.

Tiyaking secure ang chin strap ng helmet.



[Guwantes]

Magsuot ng pamprotektang guwantes kapag may kinalaman ang trabaho sa paghawak sa kamay ng mga blade o matatalas na bagay.



[Mga pamprotektang salamin (goggles)]


Magsuot ng mga pamprotektang salamin para protektahan ang mga mata kapag nagpapalabnaw o nagwiwisik ng mga pesticide, mula sa mga lumilipad na cutting debris, at mula sa matinding liwanag kapag naghihinang.



[Kagamitan sa pagpigil sa pagkahulog (kadalasang tinutukoy bilang mga safety belt)]

Gamitin ang ganitong uri ng kagamitan para maiwasan ang mga pagkahulog kapag nagtatrabaho sa matataas na lugar.

(Nagpapakita ang larawan ng harness sa buong katawan)



[Mga ear plug]

Gamitin kapag nagtatrabaho sa mga lugar na napakaingay.

Available ang mga ear plug o ear muffler (na tumatakip sa mga tainga).



[Mga pangkaligtasang bota]

Magsuot ng mga sapatos na nilagyan ng mga pinatibay na toe cap at proteksyon sa pagdulas sa mga lugar kung saan posibleng mahulog ang mabibigay na bagay, kung saan may lumilipad na debris, at posibilidad ng pagtapak sa pako o matalas na bagay.



[Dust mask at gas mask]

Gumamit ng “dust mask” para sa mga lugar sa trabaho na maalikabok ang hangin, at “air supply mask” para sa mga lugar na mababa ang oxygen. Gumamit din ng gas mask o kagamitang pamprotekta sa paghinga ng nilagyan ng electric fan na nagpoprotekta laban sa mga gas kapag nagwiwisik ng mga pesticide.



Mga palatandaan ng kaligtasan

Ang mga palatandaan ng kaligtasan ang isa sa mga paraang ginagamit para maiwasan ang mga pinsala sa trabaho dahil gumagamit ang mga ito ng karakter at simbolo para magbigay ng malinaw na visual na paraan ng pagpapabatid sa mga tao tungkol sa mga babala o pag-iingay kaugnay ng mapanganib na trabaho at mapapanganib na lugar, at tinitiyak ng mga ito na sumusunod ang mga tao sa mga ligtas na kasanayan sa pagtatrabaho.

Inirerekomendang gumawa ng mga palatandaan ng kaligtasan batay sa Pandaigdigang Pamantayang ISO 7010:2019 mula sa International Organization for Standardization (Mga graphic na simbolo - Mga pangkaligtasang kulay at palatandaan ng kaligtasan - Mga nakarehistrong palatandaan ng kaligtasan) at sa Mga Pang-industriyang Pamantayan sa Japan na JIS Z 8210:2017 (Mga simbolo ng pampublikong impormasyon) para matiyak na mauunawaan ng lahat kung ano ang inilalarawan ng mga palatandaan.

Dagdag pa rito, ipinakilala sa ibaba ang ilang “mga pinagsama-samang palatandaan ng kaligtasan para maiwasan ang mga aksidente sa konstruksyon” na itinatag ng Japan Construction Occupational Safety and Health Association (JCOSHA).

Ang mga palatandaang ito ng kaligtasan ay magagamit ng sinuman nang libre, kaya pakigamit ang mga ito sa banyagang wika (ipinapakita ang Tagalog sa mga halimbawa sa ibaba) na ipinapakita sa blangkong puting bahagi sa ibaba ng pictogram ayon sa katutubong wika ng technical intern trainee. Para sa mga detalye kung paano gamitin ang mga ito, pakitingnan ang page na “Gabay para sa mga pinagsama-samang palatandaan ng kaligtasan para maiwasan ang mga aksidente sa konstruksyon” (Japanese na bersyon lang) sa website ng JCOSHA. https://www.kensaibou.or.jp/safety_sign/index.html



Pagpapatupad ng Mga Aktibidad sa Kaligtasan at Kalusugan

Pagpapatupad ng 5S


Ang 5S ay isang terminong ginawa mula sa unang titik ng Seiri (Pagbukud-bukurin), Seiton (Ayusin), Seisou (Linisin), Seiketsu (Isapamantayan) and Shitsuke (Panatilihin). Mahalaga sa pag-iwas sa mga pinsala sa trabaho ang pagsisikap na makamit ang lahat ng 5S araw-araw.

	Paliwanag	Halimbawa	Tugon bilang halimbawa
[Seiri (Pagbukud-bukurin)] 	Ang Seiri (Pagbukud-bukurin) ay tumutukoy sa paghiwalay ng mga hindi kinakailangang bagay sa mga kinakailangang bagay para itapon ang mga ito.	Kung iiwanan ang mga hindi kinakailangang bagay sa mga daanan sa trabaho, hindi lang matitisod at madadapa ang mga manggagawa dahil sa mga bagay na ito, hindi rin magiging mahusay ang trabaho.	Tumukoy ng mga pamamaraan para pagbukud-bukurin ang mga bagay na hindi kinakailangan.
[Seiton (Ayusin)] 	Ang Seiton (Ayusin) ay tumutukoy sa kung paano ilagay ang mga bagay tulad ng mga tool na kinakailangan para sa trabaho, saan ilalagay ang mga tool na ito, at kung paano ayusin ang mga ito para magamit ang mga ito kapag kinakailangan.	Kung hindi nakaayos ang mga tool, hindi magiging posible na mahanap ang kinakailangang tool, at matatagalan ang mga manggagawa sa paghahanap ng mga tool.	Kapag natapos ang trabaho, magligpit pagkatapos para walang maiwang nakakalat na tool.
[Seisou (Linisin)] 	Ang Seisou (Linisin) ay tumutukoy sa paglilinis at pag-aalis ng basura sa makinarya at kagamitan, mga bodega at lugar ng trabaho, at pati na rin sa paglilinis ng dumi mula sa mga damit at katulad na bagay.	Kapag hindi naglinis ng basura at dumi, puwede itong magdulot ng mga aksidenteng magresulta sa pagkatisod at pagkadapa ng mga manggagawa.	Regular na linisin ang mga lugar sa trabaho at alisin ang dumi sa mga pantrabahong damit isang beses kada araw, tulad ng katapusan ng trabaho.
[Seiketsu (Isapamantayan)] 	Ang Seiketsu (Isapamantayan) ay tumutukoy sa pagpapanatili ng magandang antas ng seiri, seiton at seisou, at pagtitiyak na malinis ang katawan, damit, at mga kapaligiran ng mga manggagawa.	Kapag humahawak ng pagkain tulad ng mg gulay, kung hindi madalas na nalilinis nang sapat ang mga storage cart, magdudulot ito ng mga problemang nauugnay sa hygiene.	Magsaalang-alang at magpatupad ng mga inisyatibang pinangungunahan ng management para magpanatili ng mga isinapamantayang kondisyon sa lugar ng trabaho.
[Shitsuke (Panatilihin)] 	Ang Shitsuke (Panatilihin) ay tumutukoy sa paggawa ng mga tuntunin at pag-develop ng mga gawi para lubusang maipatupad ang 4 S, na Seiri (Pagbukud-bukurin), Seiton (Ayusin), Seisou (Linisin), at Seiketsu (Isapamantayan).	Kung hindi magbibigay ng regular na edukasyon o gabay, may panganib na hindi lubusang maipapatupad ang mga itinatag na tuntunin.	Dapat makagawian ng lahat ng empleyado na sumunod sa lahat ng itinatag na tuntunin.


Ang 5 S ang unang hakbang sa kaligtasan

[Mahahalagang punto para sa pag-iimbak]


- ① Mga lugar kung saan hindi dapat mag-iimbak ng mga bagay
 - Huwag maglagay ng mga bagay sa mga daanan, pasukan, labasan, emergency na labasan, at hagdan.
 - Huwag maglagay ng mga bagay sa paligid ng makinarya o sa harap ng mga switchboard, fire hydrant o extinguisher.




- ② Magtakda ng mga lokasyon ng pag-iimbak at ititag ang paraan ng pag-iimbak
 - Itakda ang espasyong kinakailangan para mag-iimbak ng mga bagay tulad ng makinarya at kagamitang pang-agrikultura, at ilagay ang mga bagay na ito sa mga itinalagang lokasyon (posisyon) gamit ang tinukoy na paraan ng pag-iimbak. Magbigay din ng konsiderasyon para matiyak na may sapat na ilaw at bentilasyon ang lugar.
 - Sundin ang mga tuntunin ukol sa itinalagang lokasyon ng pag-iimbak at kung paano iniimbak at isinasalansan ang mga bagay.




- ③ Magpatupad ng pag-iimbak batay sa hugis
 - Ang mahahabang bagay ay dapat iimbak nang pahiga, hindi nakasandal sa pader, at ang mga pabilog na bagay na puwedeng gumulong ay dapat iimbak gamit ang isang pamigil tulad ng wedge.



- Kapag nagsasandal ng mahahabang bagay sa pader, itali ang mga ito gamit ang lubid at ilagay ito nang maayos sa pader para hindi matumba ang mga ito.




- Ang mga pala ay dapat isabit o ilag: nang maayos sa pader.




④ Pag-iimbak batay sa dalas ng paggamit

- Kapag isinasaalang-alang ang dalas ng paggamit, ag mga bagay na madalas gamitin ay dapat ilagay sa lokasyon kung saan madaling kunin ang mga ito.



⑤ Paano iimbak ang matatalim na tool

- Magbigay ng panakip sa blade kapag iniimbak ang mga bagay na ito.



Mga aktibidad sa pagtataya ng panganib (mga KY na aktibidad) at tool box meeting (TBM)

[Mga KY na aktibidad]

Ang mga aktibidad sa pagtataya ng panganib (K: Kiken, Y: Yochi) ay sinusubukang iwasan ang mga pinsala sa trabaho sa pamamagitan ng pag-aatas sa mga manggagawa na pag-usapan ang mga potensyal na panganib sa lugar ng trabaho at sa trabahong ginagawa nila, at pati na rin ang mga pinsala sa trabahong magmumula sa mga panganib na ito, para magawa ng mga manggagawa ang trabaho nila nang may mataas na kabatiran para sa mga partikular na panganib. Ang ganitong uri ng aktibidad ay madalas ding tawagin bilang “KYK” (Kiken Yochi Katsudou).

[TBM]

Bawat araw bago simulan ang trabaho, magdaos ng pagpupulong para maunawaan kung anong trabaho ang gagawin sa araw na iyon, anong mga panganib na sangkot, at para magbigay ng mga masusing tagubilin sa trabaho. Ang tool box meeting (TBM) ay isang pagpupulong kung saan tatalakayin ng mga tao ang “uri ng trabaho” at “magbibigay sila ng impormasyon tungkol sa anumang panganib” bago magsimula ang trabaho.

Nagkakaroon ng mga aksidente kapag pinagsama ang 2 kondisyon ng “hindi ligtas na sitwasyon” at “hindi ligtas na pag-uugali”. Samakatuwid, alisin ang anumang “hindi ligtas na pag-uugali” na dulot ng mga tao kapag kumikilos nang mapanganib tulad ng paraan ng pagtatrabaho nila o kung hindi sila maingat.




Pagtitiyak ng Kaligtasan para sa Makinaryang Pang-agrikultura

Pagkakaroon ng mga aksidente sa trabahong pang-agrikultura

Ayon sa mga dokumentong inilathala ng Kagawaran ng Agrikultura, Panggugubat, at Pangingisda, ang porsyento ng mga pagkamatay dahil sa mga aksidente sa trabahong pang-agrikultura (bilang ng mga nakamamatay na aksidente kada 100 libong empleyado noong 2022) ay mas mataas nang mahigit 9 na beses kaysa sa average ng lahat ng industriya, gaya ng ipinapakita sa Graph 1 sa ibaba.

Dagdag pa rito, kapag tinitingnan ang breakdown ng mga nakamamatay na aksidente ayon sa sanhi (kabuuang 238 tao), may 62 pagkamatay sa passenger tractor, 21 pagkamatay sa walking tractor, at 16 na pagkamatay sa pang-agrikulturang sasakyang pantransportasyon na nabibilang sa 41.6% ng kabuuan gaya ng ipinapakita sa Graph 2 sa ibaba. Kapag nagsasama ng mga pagkamatay na may kinalaman sa makinaryang pang-agrikultura tulad ng mga brush cutter sa bilang na ito, nagiging 63.9% ang porsyento.

Graph 1 : Pagbabago sa bilang ng mga nakamamatay na aksidente kada 100 libong empleyado



Pinagmulan ng sanggunian para sa data tungkol sa bilang ng mga pagkamatay

Agrikultura:

Survey sa Mga Nakamamatay na Aksidente sa Trabahong Pang-agrikultura (Japanese na bersyon lang) (Kagawaran ng Agrikultura, Panggugubat, at Pangingisda)

Iba pang industriya:

Ulat ng Mga Nakamamatay na Aksidente (Japanese na bersyon lang) (Kagawaran ng Kalusugan, Paggawa, at Kapakanan)

Pinagmulan ng sanggunian para sa data tungkol sa bilang ng mga empleyado


Agrikultura:

Census ng Agrikultura at Panggugubat, Survey sa Paggalawa ng Pang-agrikulturang Istruktura (Kagawaran ng Agrikultura, Panggugubat, at Pangingisda)

Iba pang industriya:

Survey sa Lakas Paggawa (Kagawaran ng Mga Internal na Usapin at Komunikasyon)

Graph 2 : Pagkakaroon ng mga nakamamatay na aksidente ayon sa sanhi (2022)




Pinagmulan: Mga dokumentong inilathala ng Kawanihan ng Produksyon ng Ani, Kagawaran ng Agrikultura, Panggugubat, at Panginisda na may petsang Pebrero 22, 2024
<https://www.maff.go.jp/j/press/nousan/sizai/240222.html>

Mga partikular na hakbang sa pagsasanay sa technical intern

- 1 Sa panahon ng pagsasanay sa technical intern, dapat malaman ng mga nagpapatupad na organisasyon ang kakayahan ng kanilang mga technical intern trainee, dapat malinaw nilang tukuyin kung aling makinarya at kagamitan ang puwede o hindi puwedeng gamitin ng bawat technical intern trainee, at dapat nilang ipabatid nang lubusan sa trainee at iba pang empleyadong katrabaho ng trainee ang tungkol dito para matuto ang mga technical intern trainee ng kaalaman tungkol sa makinarya at kagamitan alinsunod sa plano ng pagsasanay sa technical intern.

Kapag gumagamit ng makinarya, dapat magbigay ng angkop na gabay ang manager ng pagsasanay sa technical intern at instructor sa pagsasanay sa technical intern para matiyak na makakapagtrabaho nang ligtas ang mga technical intern trainee. Mabisa ring magbigay ng gabay tulad ng pagpayag sa mga trainee na magsimulang gumamit ng low-risk na makinarya. Halimbawa, kapag nagtatapas, puwedeng gumamit ng mga paraan kung saan gumagamit lang ang mga trainee ng mga low-risk na brush cutter na may nylon cord blade kapag hindi pa sila pamilyar sa trabaho.



Nylon cord blade

- ② Kapag nagsasagawa ng pagsasanay sa technical intern at pinapayagan ang mga technical intern trainee na magpatakbo ng makinaryang pang-agrikultura, dapat nilang makuha ang mga kinakailangang lisensya.

Halimbawa, tiyak na kinakailangan ng lisensya sa pagmamaneho (espesyal na lisensya sa maliit na sasakyang de-motor o espesyal na lisensya sa malaking sasakyang de-motor) sa ilalim ng Batas sa Trapiko sa Kalsada para magmaneho ng makinaryang pang-agrikultura tulad ng mga tractor, combine harvester, at forklift sa mga pampublikong kalsada. Dapat nakakumpleto din ang mga trainee ng kurso ng skill training o espesyal na edukasyon batay sa Batas sa Kaligtasan at Kalusugan sa Trabaho kahit kapag nagmamaneho o nagpapatakbo ng forklift sa pribadong ari-arian tulad ng nilinang na lupa o sa bodega.

Pakitiyak na kukuha ang mga trainee ng mga lecture sa kaligtasan para sa pagpapatakbo ng mga tractor at mga katulad na sasakyan kahit na patatakbuhan lang nila ang mga ito sa pribadong ari-arian. Ang impormasyon tungkol sa kung saan makukuha ang mga lecture na ito ay available mula sa iyong pinakamalapit na pang-agrikulturang unibersidad, prefectural extension advisory center, Japan Agricultural Cooperatives (JA), o tindahan ng pang-agrikulturang tool at kagamitan.


Pagtitiyak ng kaligtasan para sa makinarya at kagamitan ng pang-agrikulturang produkto

Nagiging mas karaniwan ang mga aksidenteng kinasasangkutan ng mga technical intern trainee dahil sa makinarya at kagamitan sa pasilidad na ginagamit para maghanda, magbukod-bukod, at mag-impake ng mga pang-agrikulturang produkto (mula rito ay tutukuyin bilang “makinarya at kagamitan ng pang-agrikulturang produkto”).

Ang mga hakbang sa kaligtasan para sa mga aksidenteng ito ang mga sumusunod.

- ① Tiyakin ang kaligtasan para sa pangunahing katawan ng kagamitan

Mag-inspeksyon bago simulan ang trabaho para tiyaking nakakabit ang mga pamprotektang cover sa mga nagagalaw na bahagi tulad ng mga kadena at gear, at gumagana nang maayos ang mga pangkaligtasang device tulad ng emergency stop button.



- ② Mag-inspeksyon at maglinis

Kapag hindi gumagana nang maayos ang makinarya at kagamitan ng pang-agrikulturang produkto, puwede itong magresulta sa aksidente. Samakatudid, maingat na linisin, langisan, at palitan ang mga nakokonsumong bahagi sa makinarya at kagamitan.

Magligpit at maglinis din palagi sa sahig sa paligid ng makinarya at kagamitan dahil puwedeng matisod at madapa ang mga tao dahil sa mga kable ng kuryente at maliliit na bagay sa sahig.

③ Tiyakin ang kaligtasan kapag may hindi regular na trabaho

Kapag tumitingin sa mga halimbawa ng mga aksidenteng kinasasangkutan ng mga technical intern trainee, maraming halimbawa ng mga trainee na naipit ang kanilang kamay sa loob ng makinarya kapag nag-aalis ng mga bara o habang naglilinis. Madaling mangyari ang ganitong uri ng aksidente kapag may hindi regular na trabaho, tulad ng kapag may problema sa makinarya at kagamitan ng pang-agrikulturang produkto.

Kapag inilalagay ang iyong mga kamay malapit sa isang nagagalaw na bahagi o umiikot na bahagi, tiyakin munang naka-off ang switch ng kuryente sa makinarya at kagamitan, at pagkatapos ay patayin ang anumang switch ng supply ng kuryente o hugutin ang anumang kable ng kuryente para matiyak na talagang hindi gagalaw ang makinarya at kagamitan. Para matiyak na hindi hahawakan ng ibang malalapit na manggagawa ang switch ng kuryente, sabihan sila sa pamamagitan ng pagpapaliwanag na “tumutugon ka sa isang depekto sa kagamitan” at magpakita rin ng palatandaan na nagsasabing “iniinspeksyon” ang makinarya o kagamitan.



Mahalaga ang Seiri Seiton (Pagbukud-bukurin at Ayusin), at dapat lalong mag-ingat sa mga sahig.

Patayin muna ang kuryente kapag tumigil ang makina dahil sa depekto.



Maglagay ng babala para pigilan ang ibang tao na pindutin ang switch.

Pagtitiyak ng kaligtasan para sa mga brush cutter

Ang mga insidenteng nauugnay sa tractor ang pinakakaraniwang sanhi ng mga nakamamatay na aksidente sa agrikultura, at kapag isinama natin ang mga pinsala sa bilang ng mga aksidente, marami sa mga aksidenteng ito ay dulot ng mga brush cutter. Ang mga hakbang sa kaligtasan para sa mga brush cutter ang mga sumusunod.

① Edukasyon sa kaligtasan at kalusugan

Dapat makatanggap ang mga manggagawa ng edukasyong nauugnay sa kaligtasan para gumamit ng mga brush cutter.

Tinukoy ito sa Abiso ng Kagawaran ng Kalusugan, Paggawa, at Kapakanan na “Edukasyon sa Kaligtasan at Kalusugan para sa Mga Operator ng Brush Cutter (Abiso Blg. 66 na may petsang Pebrero 16, 2000)” (Japanese na bersyon lang) kung saan ipinapakita ang curriculum ng edukasyon sa kaligtasan at kalusugan.

② Pagpili ng mga brush cutter

Gumamit ng mga brush cutter na naaangkop para sa layunin ng trabahong pang-agrikultura pagdating sa hugis ng cutter at output nito.

Gumamit ng brush cutter na may sertipiko ng inspeksyon sa kaligtasan bilang pamantayan para matukoy ang kaligtasan ng isang brush cutter. Kapag posible, pumili rin ng uri ng brush cutter na awtomatikong bababa sa idling speed kapag inalis ng operator ang kamay niya sa hawakan ng brush cutter.

<Halimbawa ng sertipiko ng inspeksyon sa kaligtasan>




(Tandaan) Ang NARO ay abbreviation ng National Agriculture and Food Research Organization. Dahil sa mga paulit-ulit na aksidente sa trabahong pang-agrikultura, binuwag ang lumang sistema ang inspeksyon sa uri at mga pagtatasa sa kaligtasan para sa makinaryang pang-agrikultura, at nagpakilala ng bagong panukala sa inspeksyon sa kaligtasan (isang opsyonal na panukala) mula FY2018. Para sa mga detalye, pakitingnan ang website ng NARO.

<https://www.naro.go.jp/laboratory/iam/contents/test/index.html>

③ Inspeksyon, maintenance, at pagsasaayos

Kadalasang ginagamit ang chip saw blade para sa cutting blade dahil magagamit ito sa maraming paraan. Dapat suriin ang blade para sa anumang sira o depormidad dahil puwedeng mabali at lumipad sa hangin ang dulo ng blade.

Kapag naghihiwa malapait sa mga bakod at nakatayong puno, gumamit ng nylon cord blade dahil hindi masyadong mapanganib kung tatama sa bakod o puno ang ganitong uri ng blade.



Chip saw

Hindi naaangkop ang pag-aalis o pag-uusog ng pamprotektang cover sa lumilipad na debris malapit sa cutting blade dahil madaling maipit ang damo.

Para sa mga brush cutter na may mga strap sa balikat, i-adjust ang haba ng strap para umangkop sa katawan mo.

Dagdag pa rito, palaging linisin at iinspeksyon ang blade pagkatapos gamitin.



Huwag alisin ang pamprotektang cover!

④ Mga damit at pamprotektang gear

Magsuot ng mga pamprotektang salamin o shield sa mukha para protektahan ang mga mata mo.

Magsuot din ng mahahabang manggas, mahahabang pantalon, helmet, pangkaligtasang bota, at heavy-duty na guwantes tulad ng mga yari sa balat.

Gumamit din ng mga shin guard lalo na sa mapapanganib na lugar.

⑤ Paghahanda sa trabaho

Bago simulan ang trabaho, alamin kung paano gamitin ang switch sa paghinto ng makina at emergency release device.

Napakalakas ng ingay kapag gumagamit ng brush cutter at hindi posibleng malapitan ang operator. Samakatuwid, magpasya kung paano magbibigay ng mga senyas (tulad ng pagkaway ng parehong kamay para senyasan ang operator na ihinto ang makina).

Mag-alis ng mga nahulog na bagay tulad ng mga bato, sangay, alambre, at latang walang laman sa paligid ng lugar kung saan gagamitin ang brush cutter bago magsimula ang trabaho.




Alisin ang mga latang walang laman o sangay na lilipad sa hangin bago simulan ang trabaho.

⑥ Habang nagtatrabaho

Sundin ang mga pamamaraan sa trabahong paunang pinagpasyahan at manatili sa cutting area kung saan ka responsible.

Mag-ingat sa kickback kapag tumama sa balakid ang rotating blade sa brush cutter, dahil posibleng lumiko bigla ang brush cutter papunta sa operator dahil dito.

Lubos na mapanganib ang pagtatrabaho sa dalisdis. Maglagay ng maliliit na baitang (na may mga naka-secure na troso at malalaking staple para sa scaffolding) at kapag nagtatrabaho nang sabay-sabay sa mga baitang sa itaas at sa ibaba, ipuwesto ang mga nakatalagang operator sa harap at sa likod. Dagdag pa rito, kapag magkasamang nagtatrabaho ang ilang operator, tiyaking 15 metro o higit pa ang layo nila sa isa't isa, kahit na nasa patag na surface.



Pagtitiyak ng kaligtasan para sa mga araro


① Pagpili ng mga araro

Pumili ng ararong may sertipiko ng inspeksyon sa kaligtasan.

② Inspeksyon at maintenance

Inspeksyon ang araro para tingnan ang dami ng langis, kung maluwang o sira ang belt, kung maluwang o sira ang mga claw, at kung gumagana ang clutch at preno batay sa manual ng tagubilin. Dapat gawin ang inspeksyon nang regular at bago simulan ang trabaho.

Kung nawala mo ang manual ng tagubilin, kumuha ng kopya mula sa website ng manufacturer o sa tindahan ng kagamitang pang-agrikultura.



Mag-inspeksyon at magmantena batay sa manual ng tagubilin.
(Para sa anumang modelo)

③ Paghahanda sa trabaho

Bago simulan ang trabaho, tingnan ang switch sa paghinto ng makina at kung paano gamitin ang mga sumusunod na pangkaligtasang device (tandaan na puwedeng mag-iba ang kagamitan depende sa modelo).

○ Device na pang-iwas sa pagkaipit (emergency clutch operation lever)

Isang device na naka-set up sa paraan kung saan magdi-disengage ang pangunahing clutch kapag umaatras at maiipit ang operator sa pagitan ng isang balakid at ng araro.

○ Dead man's clutch

Isang clutch na binuo para kapag inalis ng operator ang kamay niya sa clutch, mamamatay ang kuryenteng ipinapadala sa araro (para sa mga pangkalahatang uri ng clutch, kailangang hilahin ng operator ang clutch para i-disengage ang kuryenteng ipinapadala sa araro)

○ Preno sa pagpaparada

Isang preno para pigilan ang ararong gumalaw nang mag-isa kapag nasa dalisdis o katulad na surface

④ Habang nagtatrabaho

Ang pinakakaraniwang uri ng nakamamatay na aksidente ay kapag umaatras ang operator at aksidente siyang naipit sa pagitan ng isang pader o nakatayong puno sa likod niya at ng makna sa harap niya.

○ Kapag umaatras, dapat gumamit ang mga operator ng mabagal na bilis ng makina at dapat handa siyang mabilis na i-disengage ang clutch.

○ Huwag umatras nang may araro sa makikitid na espasyo sa simula pa lang.



Aksidente kung saan naipit ang operator sa puno habang umaatras

Maraming naging aksidente kung saan nahila ang operator sa mga umiikot na bahagi.

- Palaging ihinto ang makina kapag nag-aalis ng balanggot na nagkabuhol-buhol sa rotary.
- I-disengage ang rotary clutch kapag umaatras, lumiliko, at gumagalaw nang hindi nag-aararo.
- Palaging gamitin ang V belt cover.

Mag-ingat!



Patayin ang makina kapag nag-aalis ng balanggot.

Puwede ring mapinsala ang mga tao bilang resulta ng pagkatumba o pagkataob ng makina.

- Lumiko nang mabagal ang bilis at tiyaking may sapat na espasyo para makaliko.
- Pumasok at lumabas sa nilinang na lupa o tumawid sa mga palupo sa pagitan ng mga palayan sa mga tamang anggulo. Gumamit ng mga foot board kung kinakailangan.
- Huwag lumapit sa gilid ng mga kalsada kung saan tumubo ang mga damo.



Aksidenteng pagkatumba (kapag tumatawid sa mga palupo sa pagitan ng mga palayan)

Pagtitiyak ng kaligtasan para sa mga pampasaherong makinaryang pang-agrikultura (mga tractor at pang-agrikulturang sasakyang pantransportasyon)

① Pagpili ng mga pampasaherong tractor

Halos lahat ng pampasaherong tractor na ibinebenta sa Japan ay mga modelong pumasa sa mga kinakailangan ng sertipiko ng inspeksyon sa kaligtasan. Gayunpaman, nagkakaroon pa rin ng maraming nakakamatay na aksidente kada taon sa mga modelong ito.

Inirerekomendang hindi ka gumamit ng mga napakalumang modelo dahil walang safety cab (bubong at salaming bintanang nakapaligid sa upuan) o safety frame (bakal na istruktura sa likod ng upuan) at mapanganib ang mga ito.

② Inspeksyon at maintenance

Dapat regular kang mag-inspeksyon at magsagawa ng inspeksyon bago simulan ang trabaho para sa mga sumusunod na bagay ayon sa manual ng tagubilin para sa bawat modelo.

OPresyon ng gulong, sira sa gulong at maluluwang na nut, dami ng langis at coolant, maluwang na fan belt, koneksyon at paggana sa kaliwa at kanang preno, mga cover at PTO shaft cover, gauge, ilaw, salamin, at tunog ng makina.

③ Paghahanda sa trabaho

Dapat tingnan ang mga sumusunod na bagay bago simulan ang trabaho.

OAno ang mga responsibilidad ng mga manggagawa maliban sa operator sa araw ng trabaho? (sa partikular, may manggagawa ba maliban sa operator na magtatrabaho malipat sa tractor sa oras ng trabaho?)

OKumusta ang lupa sa lugar kung saan isasagawa ang operasyon at trabaho sa araw na iyon? (May mapapanganib ba na lugar tulad ng may mababang visibility, tabinging lupa, mga palupo sa pagitan ng mga palayan, at daanan ng tubig?)

OMaglagay ng malalaking reflector kapag nagtatrabaho sa gabi.

OMagdala ng mobile phone para makipag-ugnayan sa iba sa isang emergency.

OMagsuot ng helmet at seat belt, atbp.

④ Tandaan ang mga sumusunod na bagay habang nagtatrabaho at mag-ingat sa pagmamaneho.

OMagsuot ng helmet at gamitin ang seat belt.

OKapag lumiliko, magmaneho nang mabagal at tiyaking may sapat na espasyo para makaliko.

OPumasok at lumabas sa nilinang na lupa o tumawid sa mga palupo sa pagitan ng mga palayan nang mabagal sa mga tamang anggulo. Gumamit ng mga foot board kung kinakailangan.

OPalaging ikonekta ang kaliwa at kanang preno kapag nagmamaneho sa mga kalsada.

OHuwag lumapit sa gilid ng mga kalsada kung saan tumubo ang mga damo.



Mahigpit na ipinagbabawal ang mga biglaang mabibilis na pagliko.



Gumamit ng mababang anggulo para pumasok at lumabas sa nilinang na lupa.



Mag-ingat kapag nagmamaneho sa mga gilid ng kalsada na madaling gumuguho.

- Palaging ihinto ang makina kapag nag-aalis ng nagkabuhol-buhol na mga bagay na hindi nabibilang sa rotary.
- Ipinagbabawal na sumakay ang dalawang tao sa isang pampasaherong tractor nang walang auxiliary na upuan, o na sumakay ang isang tao sa likod ng isang pang-agrikulturang sasakyang pantransportasyon.



Huwag bumiyahe nang magkasama.

- ◆Tandaan ang mga sumusunod dahil puwede ring magkaroon ng mga aksidente sa mga pampublikong kalsada.
 - Kinakailangan ng lisensya sa pagmamaneho para magmaneho sa mga pampublikong kalsada.
 - Maging mapagmasid sa malaking pagkakaiba sa bilis sa iba pang sasakyan, lalo na kapag lumiliko pakanan.
 - Iwasang magmaneho sa mga kalsadang may maraming trapiko.

Pagtitiyak ng Kaligtasan para sa Mga Tool sa Pagsasaka, Stepladder, at Hagdan

- ① Mga tool sa pagsasaka (mga asarol, pala, pitchfork, kutsilyo, karit at gunting, atbp.)

- Takpan ang mga blade sa mga tool sa pagsasaka kapag hindi ginagamit ang mga ito.
- Limbak ang mga tool sa pagsasaka sa isang itinalagang lokasyon kung saan madaling makikita ang mga ito.
- Linspeksyon ang mga tool sa pagsasaka para sa maluluwang na blade para hindi humiwalay ang blade sa hawkan.
- Pagkatapos gumamit ng mga tool sa pagsasaka, alisin at linisin ang anumang dumi at materyal na nakadikit sa tool para handa itong gamitin para sa susunod.
- Kapag gumagamit ng mga tool sa pagsasaka, mag-ingat sa posisyon kung saan ka nagtatrabaho para hindi mo matamaan ang mga tao sa paligid mo.



Huwag gumamit ng asarol malapit sa mga paa mo.

- ② Stepladder at hagdan

- Gamitin sa isang nakapirming lokasyon.
- * Para magtayo ng mga stepladder at hagdan nang nakapirmi, tingnan ang laki ng espasyo sa lokasyong pagtatayuan, ang katigasan ng lupa, at ang dalisdis ng lupa.

Posibleng malambot at hindi patntay ang lupa sa mga sakahan ng prutas kaya gumamit ng bedding material at mga tabla kung hindi posibleng makahanap ng lugar kung saan maitatayo nang maayos ang stepladder.


Kung hindi nakapirmi ang lugar kung saan itatayo ang stepladder, ipahawak at ipasuporta sa ibang manggagawa ang stepladder.



Humigit-kumulang 70° na anggulo

- ③ Pataba

- Limbak ang pataba para hindi nito marumi ang tubig sa ilalim ng lupa.
- Mag-ingat sa init na nagagawa kapag nagdaragdag ng tubig sa quicklime.
- * Ang quicklime (CaO o calcium oxide) ay nagre-react sa tubig para bumuo ng slaked lime (Ca(OH)_2 o calcium hydroxide), at gumagawa ito ng maraming init at nagpapataas ng temperatura.



- ④ Magkabit ng kadena para maiwasang bumuka masyado ang mga stepladder.

* Bago simulan ang trabaho, tiyaking nakakabit ang kadena para maiwasang bumuka masyado ang mga stepladder.

Kapag gumagamit ng hagdan, i-secure sa posisyon ang itaas at ibaba ng hagdan para hindi ito madulas.



- ⑤ Kapag nagtatayo ng stepladder, tumapak sa unang baitang. at tiyaking nakapirmi ito.

* Una, tumapak sa unang baitang at tiyaking nakapirmi at hindi umaalog ito.

Kapag tinitiyak ito, huwag umakyat nang mas mataas sa unang baitang.

Bago umakyat sa isang stepladder, tiyaking walang mapanganib na bagay sa paligid ng stepladder.



- ⑥ Huwag tumayo sa tuktok na pohas ng stepladder.

* Huwag tumayo sa tuktok na pohas para gawin ang trabaho, o huwag magtrabaho habang may inaabot nang malayo sa stepladder. Mabubuway ang stepladder at puwedeng mahulog ka o matumba ang stepladder dahil dito.

- ⑦ Huwag magbitbit ng mabibigat na bagay kapag umaakyat o bumababa sa isang hagdan.

* Magtrabaho sa mga hagdan sa loob ng maximum na bigat ng mga tao at bagay na kaya ng hagdan.

Huwag magbitbit ng mabibigat na bagay tulad ng mga kahong puno ng prutas kapag umaakyat o bumababa sa mga hagdan.



Pamamahala sa Kaligtasan at Kalusugan sa Loob ng Mga Kulungan ng Baka

① Trabahong paglilinis

- Palaging linisin ang mga daanan ng kulungan ng baka, bodega ng pagkain, sabsaban ng pagkain, sabsaban ng tubig, at tasang inuman.
- Panatiliing malinis ang mga bota at pantrabahong damit.



② Trabahong pagdidisimpekta


- Kapag pumapasok sa mga kulungan ng baka, idisimpekta ang mga bota sa pamamagitan ng pagtapak sa isang foot dipping vessel.
- Para sa mga sasakyang pumapasok at lumalabas sa mga sakahan, idisimpekta ang mga gulong gamit ang disinfection sprayer at disinfection mat para sa mga sasakyan.
- Magwisik ng slaked lime sa paligid ng mga kulungan ng baka para maiwasang pumasok ang mga pathogen.

③ Panatilihin ang kapaligiran para sa mga pinapalahiang hayop.

- Panatilihin ang wastong temperatura sa loob ng mga kulungan ng baka sa pamamagitan ng pagtakip sa mga siwang kung saan pumapasok ang hangin tuwing taglamig, at pagpapadali ng daloy ng hangin gamit ang mga electric fan at bentilador tuwing tag-init.
- Tiyaking tuyo at malinis ang sahig ng mga kulungan ng baka.
- Palaging linisin ang mga bagay tulad ng mga tasang inuman, at tiyaking may mainom na tubig-tabang ang mga hayop.

④ Pangalagaan ang mga pinapalahiang hayop as mga kulungan ng baka.

- Huwag bigyan ng stress ang mga pinapalahiang hayop para makapagpahinga at makapag-relax sila.
- Posibleng gumalaw bigla nang hindi inaasahan ang mga pinapalahiang hayop, kaya palaging tumutok kapag nagtatrabaho sa paligid ng mga hayop na ito.



Ligtas na Paghawak sa Mga Pesticide

① Pag-iimbak at paglilipat ng mga pesticide

- Mag-ingat nang maigi kapag nag-iimbak at naglilipat ng mga pesticide bago gamitin, bukod pa sa pagpapalabnaw at pagwiwisik ng mga pesticide kapag ginagamit ang mga ito.

* Sa agrikultura ng hayop, hawakan ang mga disinfectant sa paraan ng paghawak mo ng mga pesticide.

② Magsuot ng naaangkop na damit at pamprotektang gear.

- Para matiyak na hindi dadapo ang mga pesticide sa balat ng manggagawa, magsuot ng mga itinalagang pamprotektang pantrabahong damit, mask, guwantes, at pamprotektang salamin.

* Huwag gumamit ng bimp sa halip ng itinalagang mask.



① Guwantes

✓ Suotin ang guwantes sa loob ng mga manggas


✗ Suotin ang guwantes sa ibabaw ng mga manggas



② Mga bota

✓ Suotin ang mga bota sa loob ng mga pantalon

✗ Suotin ang mga bota sa ibabaw ng mga pantalon



③ Tingnan ang mga tagubilin (label) sa mga pesticide.

- Sumunod sa mga pamantayan ng paggamit na nakalista sa mga tagubilin ng pesticide (tulad ng kung paano ito gamitin at mga pag-iingat kapag ginagamit ang pesticide).

Halimbawa, sa OJT (on the job training), ipakita sa mga trainee kung paano gawin ang trabaho, at tiyaking nauunawaan nila kung paano palabnawin ang mga pesticide kapag ginagamit ang mga ito.



Mga Tagubilin ng Pesticide

Mga uri ng pictogram	Ipinapakitang pictogram at mga pag-iingat (halimbawa)	
Pinagbabawalang gamitin ng mga taong may sensitibong balat (Babala sa pamamantal sa balat)		Hindi dapat gawin ng mga taong may sensitibong balat ang trabaho. Huwag humawak ng mga aning nilagyan ng kemikal na ito.
Huwag wisikin sa mga beehive (Babala sa honeybee)		Huwag gamitin kung may panganib ng pagwisik ng kemikal na ito sa o sa paligid ng pugad ng honeybee.
Pinagbabawalang gamitin sa loob ng mga pasilidad		Huwag gamitin sa loob ng mga greenhouse kung saan maiipon ang wisik.

Pinagmulan: Website ng Crop Life Japan (Japan Crop Protection Association)

"Impormasyon sa Q&A sa Pesticide - Ligtas Ba ang Mga Pesticide?- (Mga hakbang at impormasyong pangkaligtasan tungkol sa paggamit ng mga pesticide para sa mga magsasaka)" (Japanese na bersyon lang)
https://www.jcpa.or.jp/qa/a_5_18.html

Mga Hakbang sa Pag-iwas sa Heatstroke

Ang heatstroke ang pangkalahatang terminong ibinibigay sa isang karamdamang nangyayari kapag hindi balanse ang tubig at asin (sodium) sa katawan ng tao sa kapaligirang may mataas na temperatura at kahalumigmigan, at hindi makontrol ng katawan ang init. Kinakategorya ang heatstroke sa antas 1 hanggang 4 batay sa antas ng kalubhaan sa Alituntunin ng Diagnosis sa Heatstroke 2024 na ginawa ng Japanese Association for Acute Medicine.

Kategorya	Mga Sintomas	Paggamot	Kalubhaan
Antas 1	Pagkahilo, pagkahimatay (nahihilo kapag tumatayo), paghikab nang hindi inaantok, labis na pagpapawis, pananakit ng kalamnan, paninigas ng kalamnan (pamumulikat sa binti)	Makakapagbigay ng paggamot sa lugar ng trabaho. Magpahinga sa malamig na silid na malayo sa araw na may air conditioning (passive na pagpapalamig), at uminom para makabawi ng tubig at electrolytes. Kung hindi ito sapat, gumamit ng aktibong pagpapalamig (palamigin ang katawan ng naapektuhang tao sa pamamagitan ng anumang paraan).	Mababa  Mataas
Antas 2	Pananakit ng ulo, pagsusuko, pagkahapo, pagkalungot, kakulangan ng konsentrasyon at kakayahang magpasya	Nangangailangan ng medikal na pagsusuri sa isang medikal na institusyon. Magbigay ng mga infusion na produkto (intravenous drip) na inimbak sa isang refrigerator o magpahinga sa isang malamig na silid na malayo sa araw na may air-conditioner. Kung hindi sapat ang alinman o parehong hakbang na ito, uminom para makabawi ng tubig at electrolytes at gumamit ng aktibong pagpapalamig.	
Antas 3	Alinman sa sumusunod na 3 sintomas - Mga sintomas sa central nervous system (mahinang kamalayan, mga kombulsyon) - Hindi paggana nga atay at bato - Problema sa pamumuo ng dugo	Nangangailangan ng emergency na paglipat sa isang medikal na institusyon. Pagkatapos magamot sa ospital, pag-isipang gumamit ng paggamot sa maraming espesyalisasyon kabilang ang aktibong pagpapalamig.	
Antas 4	Ang temperatura sa loob ng katawan ay 40 degrees o mas mataas at hindi makausap ang naapektuhang tao	Nangangailangan ng emergency na paglipat sa isang medikal na institusyon. Magbigay ng agarang paggamot sa maraming espesyalisasyon kabilang ang aktibong pagpapalamig.	

Para sa lahat ng industriya, ang bilang ng mga pagkamatay o pinsala sa mga manggagawang may 4 o higit pang araw ng pagliban sa trabaho dahil sa heatstroke sa lugar ng trabaho ay 1,106 na tao sa 2023 (kung saan 31 tao ang namatay). Mula sa bilang na ito para sa agrikultura, ang bilang ng mga pagkamatay o pinsala ay 27 tao (2.4% ng kabuuan) kung saan 4 na tao ang namatay (12.9% ng kabuuan).

Ang trabaho sa agrikultura ay kadalasang ginagawa sa labas, at ang ilan sa trabaho ay ginagawa sa loob ng mga greenhouse kung saan mataas ang temperatura at kahalumigmigan, kaya madaling magkaroon ng heatstroke ang mga manggagawa sa mga buwan ng tag-init.

Value ng WBGT (index ng init)

Ang value ng WBGT ay ginagamit bilang index ng init kapag tinatasa ang stress sa init dahil sa mainit na kapaligiran.

Ang value ng WBGT ay indicator na nakatuon sa palitan ng init sa pagitan ng katawan ng tao at ng hangin sa labas (ang balanse ng init), at may kasama itong tatlong salik na may malaking epekto sa balanse ng init sa katawan, at ang mga ito ay (1) kahalumigmigan, (2) ang nakapaligid na thermal na kapaligiran tulad ng tindi ng sikat na araw at paglilipat ng init, at (3) temperatura.

Kapag mas mataas ang value ng WBGT, mas madaling magkaroon ng heatstroke.

Sinusukat ang value ng WBGT gamit ang device na panukat ng WBGT na may black bulb sensor (sumusunod sa Mga Pang-industriyang Pamantayan sa Japan na JIS Z8504 o JIS B 7922).

Kung hindi available ang panukat na device na ito, matitingnan ang mga tinantya at aktuwal na value ng WBGT sa website ng Impormasyon sa Pag-iwas sa Heat Stroke ng ibinigay ng Kagawaran ng Kapaligiran (https://www.wbgt.env.go.jp/wbgt_data.php).

Trabahong pang-agrikultura at index ng init

Sa mga lugar (maiinit at mahahalumigmig na lugar ng trabaho) kung saan lampaas ang value ng WBGT sa pamantayang value (o may panganib na mangyari ito), malaki ang posibilidad na magkakaroon ng heatstroke ang mga manggagawa. Samakatuwid, mahalagang gawin muna ang bawat pagsisikap na isukat ang value ng WBGT habang nagtatrabaho ang mga tao.

Dapat ikumpara ang nasukat na value ng WBGT sa mga pamantayang value ng WBGT sa talahanayan sa ibaba, at dapat gawin ang mga sumusunod na hakbang para sa maiinit at mahahalumigmig na lugar ng trabaho.


- ① Ilayong bawasan ang value ng WBGT gamit ang tulad ng “simpleng bubong na makakaharang sa direktang sikat ng araw at makakapagpabalik ng init” at “kagamitan sa bentilasyon at air conditioning”.
- ② Magtakda ng malalamig na lugar ng pahinga na may air conditioning, o malalamig na lugar ng pahinga sa lilim malapit sa maiinit at mahahalumigmig na lugar ng trabaho.
- ③ Gawin ang bawat pagsisikap na maghanda ng mga bagay at kagamitan tulad ng yelo, malalamig na bimpo, malalamig na paliguan at shower na magagamit ng mga manggagawa para angkop na mapalamig ng mga manggagawa ang kanilang mga katawan sa maiinit at mahahalumigmig na lugar ng trabaho at malapit sa mga naturang lugar.
- ④ Magbigay ng maiinom na tubig sa maiinit at mahahalumigmig na lugar ng trabaho para regular at madaling makabawi ang mga manggagawa ng tubig at asin.

Tindi ng pisikal na trabaho	Halimbawa ng trabaho	Index ng init (WBGT) Reference value
Nagpapahinga	Nagpapahinga	33 (32 para sa mga taong hindi sanay sa init)
Magaang trabaho	• Magaang manual na trabaho as komportableng nakaupo o nakatayong posisyon (tulad ng pagsusulat, bookkeeping) • Pagtatrabaho gamit ang mga kamay (inspeksyon, pagbuo, o pagbukod-bukod ng magagaang materyal) • Pagtatrabaho gamit ang mga kamay at paa (pagmamaneho ng mga sasakyan sa mga normal na kondisyon, pagpapatakbo ng mga foot switch at pedal)	30 (29 para sa mga taong hindi sanay sa init)
Katamtamang trabaho	• Pagpapatakbo ng mga tractor o mabibigat na sasakyan, pag-aalis ng damo, pamimitas ng prutas at gulay • Pagtulak at paghila ng magagaang kariton at kartilya	28 (26 para sa mga taong hindi sanay sa init)
Nakakapagod na trabaho	• Paggamit ng mga pala, pagtabas, paghukay, at manual na paglagari • Pagtulak at paghila ng mabibigat na kariton at kartilya	25 (22 para sa mga taong hindi sanay sa init)
Lubos na nakakapagod na trabaho	• Nakakapagod na paghuhukay gamit ang mga pala, pagkampay ng mga palakol, pag-akyat sa mga hagdan, at pagtakbo	23 (18 para sa mga taong hindi sanay sa init)



Ginawa ang impormasyong ito batay sa Annex A “reference value ng index ng stress sa init ng WBGT” ng Mga Pang-industriyang Pamantayan sa Japan na Z8504 (Ergonomiya ng thermal na kapaligiran -- Pagtatasa ng stress sa init gamit ang index ng WBGT (wet bulb globe temperature)) (Japanese na bersyon lang) pati na rin ang “Higit pang masusing pagpapatupad ng mga hakbang sa heatstroke sa trabahong pang-agrikultura” (Japanese na bersyon lang) ayon sa iniulat ng Tanggapan ng Pinuno ng Tanggapan ng Mga Materyal sa Pang-agrikulturang Produksyon, Dibisyon ng Teknolohiya at Pagpapatuloy, Kawanihan ng Produksyon ng Ani, Kagawaran ng Agrikultura, Panggugubat, at Pangingsida na may petsang Hulyo 10, 2024.

Kung ang isang taong naapektuhan ng heatstroke ay walang malay, hindi kayang uminom ng tubig nang mag-isa, o kung hindi bubuti ang mga sintomas niya matapos bigyan ng first aid, dapat siyang dahil kaagad sa isang medikal na institusyon para sa medikal na pagsusuri.



Mga Hakbang sa Pag-iwas sa Pananakit ng Ibabang Bahagi ng Likod

Mahalagang magpatupad ng komprehensibo at tuloy-tuloy na edukasyon para sa kalusugan sa trabaho, at pamahalaan ang 3 salik, na ang trabaho, kapaligiran sa trabaho, at kalusugan, para maiwasan ang pananakit sa ibabang bahagi ng likod sa mga trabahong nauugnay sa agrikultura.

Sa partikular, ang mga sumusunod ay mabibisang hakbang para pamahalaan ang trabaho.

① Automation, nakakabawas ng trabaho

I-automate ang trabaho gamit ang mga makina kapag may kinalaman ang trabaho sa paghawak ng mabibigat na bagay na pumupuwera sa ibabang bahagi ng likod, at nalalagay ang manggagawa sa hindi natural na postura dahil sa trabahong ito. Kung mahirap ito, gumamit ng mga hakbang para mabawasan ang trabaho ng manggagawa as pamamagitan ng pagamit ng mga tool tulad ng flatbed trolley o pantulong na kagamitan.

② Postura at paggalaw sa trabaho

Dapat galawin ng mga manggagawa ang kanilang mga katawan nang malapit hangga't posible sa target ng trabaho para gawin ang trabaho. Kapag nangangailangan ang trabaho ng hindi natural na postura, bawasan ang degree ng postura (tulad ng pagyuko paharap at mga nakabaluktot na postura) at bawasan ang dalas at tagal ng postura.

I-adjust ang mga bangko at upuan sa trabaho sa naaangkop na taas.

Tiyaking humigit-kumulang 90 degree ang anggulo ng mga nakabaluktot na siko ng manggagawa sa taas ng mga bangko sa trabaho.



Maglipat gamit ang isang flatbed trolley.

③ Isang sistema para ipatupad ang trabaho

Kapag itinatakda ang mga oras ng trabaho at bigat ng trabaho, isaalang-alang ang mga salik tulad ng bilang ng mga taong gagawa ng trabaho, ang uri ng trabaho, tagal, bigat, sitwasyon sa automation at pagbabawas ng trabaho, at huwag payagan ang isang tao na magtrabaho nang mag-isa para gumawa ng trabahong lubos na pupuwera ibabang bahagi ng kanyang likod.

④ Paggawa ng mga pamantayan sa trabaho

Gumawa ng mga pamantayan sa trabaho tungkol sa postura, paggalaw, mga pamamaraan, at tagal sa trabaho. Dapat regular na sinusuri ang mga pamantayan sa trabaho nang may konsiderasyon para sa mga katangian at antas ng kasanayan ng manggagawa. Dapat ding suriin ang mga pamantayan sa trabaho tuwing may ipapakilalang bagong makinarya o kagamitan sa lugar ng trabaho.



Tumingkayad at magbuhat gamit ang mga binti mo.




Magbuhat ng mga kargada sa tabi ng katawan mo.

⑤ Mga break, bigat ng trabaho, at pagsasama-sama ng trabaho

Magbigay ng mga break tuwing kinakailangan, at tiyaking babaguhin ng mga manggagawa ang kanilang postura sa oras na ito.

Kapag gumagawa ng trabahong nangangailangan ng hindi natural na postura o kapag gumagawa ng mga paulit-ulit na trabaho, pagsamahin ang trabaho sa iba pang gawain at iwasan ang tuloy-tuloy na trabaho hangga't posible.



Gawan ng paraan ang mga bagay na mahirap buhatin.



Paghati-hatiin sa maliliit na bilang at buhatin.

Mga kagat ng bubuyog

Dapat mag-ingat ang mga pang-agrikulturang manggagawa mula sa kagat ng mga bubuyog sa tag-init. Kapag nag-aalis ng damo sa madadamong lugar na hindi pinapasukan sa karaniwang trabaho, posibleng hindi mapansin ng mga manggagawa na may beehive at posibleng makagat sila.

Sa mga uri ng mga bubuyog na nangangagat ng tao, ang mga hornet at paper wasp ang mga pinakakinatatakutan. Sa partikular, ang mga hornet (mga yellow jacket) ay napakaagresibo. Lumilipat sa alertong status ang mga bubuyog at nagiging nakakatakot sila kapag may lumalapit sa pugad nila, at aatake sila kung maiistorbo ang kanilang pugad.

Ang bilang ng mga pagkamatay dahil sa mga kagat ng bubuyog sa Japan ay 21 tao noong 2023.

Bilang ng mga pagkamatay dahil sa mga kagat ng bubuyog sa Japan

(Unit: tao)

Kategorya	2019	2020	2021	2022	2023
Bilang ng mga pagkamatay dahil sa kagat ng bubuyog	11	13	15	20	21

Pinagmulan: Mahahalagang Istatistika ng Kagawaran ng Kalusugan, Paggawa, at Kapakanan

Kapag nakagat ng bubuyog, puwede itong maging mapanganib na sitwasyon dahil sa anaphylactic shock*.

* Tumutukoy ito sa malubhang kondisyong nagbabanta sa buhay kung saan nagdurusa ang isang tao sa mga problema sa paghinga at mababang presyon ng dugo sa napakaikling panahon (ilang minuto hanggang 30 minuto) dahil sa allergic na reaksyon sa mga droga o mga katulad na kemikal.



Mga sintomas ng anaphylactic shock

	Systemic	Respiratory system	Circulatory system	Digestive system	Nervous system	Balat
Mga Subjective na Mga Sintomas	- Nababalisa - Kawalan ng kakayahan	- Kahirapang huminga - Paninikip ng lalamunan	Mga palpasyon	- Pagduruwal - Pananakit ng tiyan - Natatae - Naiihi	- Pagkahilo - Pamamanhid - Paghiging sa mga tainga	- Pamamaga ng buong katawan - Pangangati
Mga objective na Mga Sintomas	Malamig na pawis	- Pagbahing - Paghinga na katunog ng paghinal - Kahirapang huminga	- Bumabang presyon ng dugo - Mahinang pulso - Mabilis na pulso	- Pagsusuka - Pagtatae - Kawalan ng kontrol sa pagdumi o pag-ihi	- Mga kombulsyon - Kawalan ng malay	- Sistematikong pamamantal - Pamumutla sa kabuuan

Dapat ibigay ang sumusunod na paggamot kapag nakagat ng bubuyog.

- ① Lumayo sa lugar kung saan nakagat ang manggagawa at ilabas kaagad ang lason gamit ang extractor ng lason ng bubuyog.
- ② Gumamit ng malamig na tubig para palamigin ang naapektuhang bahagi at pabagalin ang bilis ng lasong umiikot sa katawan.
- ③ Magpahid ng anti-histamine ointment sa kagat.
Ang mga taong niresetahan ng mga anti-histamine na tableta ay dapat inumin ang mga ito.
- ④ Kung may mga sintomas tulad ng pamamantal, pag-ubo, o pagkahilo, ilipat kaagad ang naapektuhang tao sa isang medikal na institusyon.
- ⑤ Kapag inililipat ang pasyente, dalhin ang pasyente sa ambulansya sa isang stretcher. Huwag siyang hayaang maglakaad nang mag-isa at huwag siyang buhatin sa likod mo.

Mga impeksyong dala ng garapata

Kung nakagat ang isang tao ng garapata, puwede siyang maimpeksyon nang may malubhang lagnat na may thrombocytopenia syndrome (SFTS), encephalitis na dala ng garapata, Japanese spotted fever, scrub typhus o Lyme disease.

Ang mga sumusunod ay mga katangian ng garapata at iba pang impormasyon.

① Distribusyon ng garapata

Naiiba ang mga garapata sa mga mite (mga mold mite at house dust mite) na nakatira sa loob. Kadalasang nakatira ang mga garapata sa labas sa mga gubat at damuhan. Minsan ay nakikita rin ang mga ito sa paligid ng mga lungsod at bayan, at nakakalat ang mga ito sa kabuuan ng Japan. May panganib na makagat ng mga garapata kapag gumagawa ng trabahong pang-agrikultura sa mga bukid o kapag nagtatapas ng mga palumpong.

② Panahon kung kailan aktibo ang mga garapata

Nagiging mas aktibo ang mga garapata mula tagsibol hanggang taglagas. Gayunpaman, sa mas maiinit na lugar, puwede pa ring maging aktibo ang mga garapata maging sa taglamig, bagama't hindi gaanong aktibo ang mga ito sa panahong ito, kaya dapat mag-ingat ang mga manggagawa.

③ Paano iwasan

Para iwasan ang impeksyon mula sa mga garapata, huwag magpakagat sa mga ito.

Kapag bumibiyahe sa mga lugar kung saan maraming nakatirang garapata tulad ng madadamong lugar at bundok, iwasang ilantad ang balat mo hangga't posible sa mga braso, binti, at leeg, at magsuot din ng mga damit na walang butas kung saan makakapasok ang mga garapata habang nagtatrabaho.

Kung nakagat ka ng mga garapata

Maraming uri ng garapata ang mahigpit na tumatagos sa balat gamit ang kanilang mga bibig, at sumisipsip ng dugo nang matagal (mahigit ilang araw at puwede itong tumagal nang hanggang 10 araw). Kadalasang hindi alam ng mga tao na nakagat sila ng mga garapata, at hindi nila napapansin ang mga garapata dahil walang pananakit matapos makagat.

Gayunpaman, pagkatapos ng 2 hanggang 3 araw matapos makagat, lumalaki ang garapata habang sumisipsip ito ng dugo at puwede silang makadama ng pangangati, kawalan ng ginhawa, o init at kaunting pananakit.

Kung may makikita kang garapata sa katawan mo

Kung may makikita kang garapatang nakadikit sa balat mo at pinilit mong hugutin ito sa balat mo, may maiiwasang piraso ng garapata sa ilalim ng balat mo, o puwedeng may pumasok sa katawan mo na virus o bacteria na dala ng garapata dahil sa pagdurog sa katawan ng garapata. Samakatuwid, dapat kang humingi ng paggamot sa isang medikal na institusyon (isang dermatologist o surgical clinic).

Matapos makagat ng mga garapata

Kapag nakagat ka ng garapata, bantayan ang kalusugan mo sa loob ng humigit-kumulang 3 linggo para malaman kung magkakaroon ka ng anumang sintomas tulad ng lagnat, pagkahapo, pamamantal, pananakit ng kasukasuan, pananakit, ng tiyan, at pagtatae. Kung magkakaroon ng alinman sa mga sintomas na ito, humingi kaagad ng medikal na atensyon sa isang medikal na institusyon at abisuhan ang doktor na nakagat ka ng garapata (kailan, saan, at aling bahagi ng katawan mo).

Sanggunian: Manager ng Kagawaran ng Agrikultura, Panggugubat, at Pangingisda, Kawanihan ng Produksyon ng Ani, Dibisyon ng Teknolohiya at Pagpapatuloy “Mahahalagang punto ukol sa mga kagat ng garapata sa trabahong pang-agrikultura” (Japanese na bersyon lang) na may petsang Pebrero 25, 2013 - 24 Blg. ng Produksyon 2933


Mga Hakbang sa Pag-iwas sa Anoxia

Pagkakaroon ng anoxia at iba pang aksidente

Kada taon, nagkakaroon ng ilang partikular na bilang ng mga aksidente kaugnay ng anoxia at pagkalason sa hydrogen sulfide (anoxia at iba pang aksidente). May mga pagkamatay din na nagreresulta mula sa ilan sa mga aksidenteng ito.

Ang anoxia at iba pang aksidente ay may napakataas na rate ng pagkamatay. Ang isa sa mga dahilan para rito ay ang kakulangan ng kaalaman tungkol sa mga aksidente sa kakulangan sa oxygen sa mga negosyo at manggagawa. Pigilan ang pagkakaroon ng mga aksidenteng ito sa pamamagitan ng pagsasagawa ng mga naaangkop na hakbang sa anyo ng pagsukat sa kapaligiran ng trabaho, pagbibigay ng wastong bentilasyon, at paggamot ng kagamitang pamprotekta sa paghinga tulad ng mga air supply mask.

Pagkakaroon ng mga aksidenteng may kaugnayan sa anoxia at pagkalason sa hydrogen sulfide




Pinagmulan: "Pagkakaroon ng Mga Pinsala sa Trabaho dahil sa Anoxia at Pagkalason sa Hydrogen Sulfide" (Japanese na bersyon lang) mula sa website ng Kagawaran ng Kalusugan, Paggawa, at Kapakanan (https://www.mhlw.go.jp/stf/newpage_05929.html)

Mapeligrong loksyon tulad ng mga lugar na may kakulangan sa oxygen


Ang kakulangan sa oxygen ay tumutukoy sa mga kondisyon kung saan ang konsentrasyon ng oxygen sa hangin ay mas mababa sa 18%, o ang konsentrasyon ng hydrogen sulfide sa hangin ay sobra sa 10 bahagi kada milyon. Ang mga sumusunod na lugar ay maituturing na mga mapeligrong loksyong may kakulangan sa oxygen para sa mga trabahong nauugnay sa agrikultura.

- ① Sa loob ng mga culvert at tangke kung saan nakolekta o dating nakolekta ang tubig-ulan
(May panganib ng kakulangan sa oxygen dahil sa oxidation ng iron sa ilalim ng lupa at mga microorganism na nagkokonsumo ng oxygen)



Bumababa ang mga antas ng oxygen dahil sa paghinga ng mga dumaming microorganism.

- ② Sa loob ng mga silo, cellar, bodega, hatch, o hukay na ginagamit para sa pag-iimbak ng butil, pagpapahinog ng prutas, at gulay, pagsibol ng binhi, o paglilinang ng kabute (nakokonsumo ang oxygen dahil sa paghinga ng mga butil)



Paghinga ng samo at pagkain

Sa pang-agrikulturang sektor, posible ring magkaroon ng pagkalason sa hydrogen sulfide dahil sa pagkabulok, pagkaagnas, at bacteria na nagpapababa ng sulfate sa loob ng mga tangke, balon, tubo, culvert, manhole, kanal, o hukay na naglalaman o dating naglaman ng sewage, nabubulok na lupa, tubig-dumi, pulp liquid, at iba pang substance na madaling mabulok at maagnas.



Nabubuo ang hydrogen sulfide

Mga hakbang para maiwasan ang anoxia at iba pang aksidente

- ① Tingnan ang mga lugar na may peligro sa kakulangan ng oxygen bago simulan ang trabaho.
- ② Magtalaga ng operations chief ng trabahong may kakulangan sa oxygen.
- ③ Sukatin ang konsentrasyon ng oxygen at konsentrasyon ng hydrogen sulfide.
- ④ Magpatupad ng espesyal na edukasyon para sa mga manggagawang gumagawa ng trabahong may kakulangan sa oxygen.

* Kapag nagtatalaga ng manggagawa sa mga gawaing may kinalaman sa trabahong ginagawa sa mga lugar na may peligro sa kakulangan ng oxygen, kinakailangang magpatupad ng espesyal na edukasyon na nagtuturo ng sanhi ng kakulang sa oxygen, ang mga sintomas, kung paano gumamit ng mga air respirator, at kung paano lumikas at magbigay ng emergency resuscitation sa mga naapektuhang indibidwal kung sakaling may aksidente.

- ⑤ Bentilasyon
- ⑥ Gumamit ng pamprotektang gear.
- ⑦ Mga hakbang sa emergency
- ⑧ Iwasan ang mga pangalawang aksidente (gumamit ng mga air respirator kapag nagsasagip ng mga tao).
- ⑨ Iba pang hakbang

Ang Kahalagahan ng Komunikasyon sa Mga Technical Intern Trainee

① Itaguyod ang komunikasyon

- Ang pakikipag-ugnayan sa technical intern trainee ay makakatuling na maunawaan ang kanyang kakayahan sa wikang Japanese at ang kaibahan sa istilo ng pamumuhay, na magtataguyod ng mga hakbang sa kaligtasan at kalusugan sa ilalim ng makatuwirang plano sa trabaho.

② Itaguyod ang antas ng pag-unawa ng trainee para sa terminolohiya ng kaligtasan at kalusugan at mga palatandaan ng kaligtasan, atbp.

- Para sa terminolohiya ng kaligtasan at kalusugan at mga palatandaan ng kaligtasan na nauugnay sa trabaho, gumamit n mga paglalarawan sa katutubong wika ng technical intern trainee at mga larawan para tumpak na maunawaan ng trainee ang mga detalye.

③ Ang kahalagan ng edukasyon sa kaligtasan at kalusugan kaagad pagkarating sa Japan

- Dahil madalas magkaroon ng mga pinsala sa trabaho kapag nagha-hire ng mga trainee, mahalagang magbigay ng edukasyon sa kaligtasan at kalusugan kapag nagha-hire ng mga trainee para maiwasan ang mga pinsala sa trabaho sa yugto kung kailan natututo ang mga trainee ng kasanayan para sa trabaho na hindi pamilyar sa kanila.
- Dahil kulang ang mga trainee ng karanasan sa pagtatrabaho sa Japan, kapag nagbibigay ng mga tagubilin sa trabaho, ipaliwanag nang maigi habang ipinapakita kung paano gawin ang trabaho para maunawaan ng mga trainee ang mga tagubilin.

④ Magpatupad ng mga pang-araw-araw na aktibidad sa kaligtasan at kalusugan.

- Magpatupad ng mga pang-araw-araw na aktibidad sa kaligtasan at kalusugan (5 S , TBM at KYK) kahit kapag nasanay na ang mga trainee sa trabaho matapos makakuha ng partikular na antas ng karanasan sa pagtatrabaho sa Japan.

⑤ Kapag kinakailangan ng emergency na tugon

- Regular na turuan ang mga technical intern trainee para mapahusay nila ang kanilang kakayahan sa wikang Japanese, at sapat nilang maunawaan ang wikang Japanese na ipinapakita para sa mapapanganib at ipinagbabawal na bagay. Maglagay rin ng notice board na may contact at iba pang impormasyon para mag-abiso at paunang ipaliwanag kung paano makikipag-ugnayan sa iba o sa mga serbisyong pang-emergency sa mga sitwasyon ng emergency.
- Magbigay ng mga tagubilin araw-araw sa mga trainee para matiyak na sisigaw sila para abisuhan ang mga tao sa paligid nila at kikilos sila sa iniatas na kalmadong paraan kapag nagkaroon ng aksidente.

⑥ Mga inisyatiba para sa sertipikasyon sa GAP

- Ipaliwanag sa mga trainee na sa agrikultura ng Japan, nagsisikap tayong makakuha ng sertipikasyon sa GAP (Magandang Kasanayan sa Agrikultura o Good Agricultural Practice) para mapanatili ang sustainable na kaligtasan ng pagkain, maingat ang kapaligiran, at mapanatili ang kaligtasan at kalusugan sa trabaho.

Pagpapatupad ng Mga Medikal na Pagsusuri


Ang lahat ng nagpapatupad na organisasyon ay dapat magpatupad ng mga medikal na pagsusuri para sa mga technical intern trainee batay sa Batas sa Kaligtasan at Kalusugan sa Trabaho.

Mga pangkalahatang medikal na pagsusuri

Kapag nagha-hire ng mga bagong technical intern trainee, dapat silang makatanggap ng medikal na pagsusuri para sa mga sumusunod na item na iniaatas ng batas. (Artikulo 43 ng Ordinansa sa Kaligtasan at Kalusugan)

Ang mga itemsa medikal na pagsusuri kapag nagha-hire ng mga trainee ay ipinapakita sa ibaba mula ① hanggang ⑪.

- ① Anamnesis at kasaysayan ng trabaho
- ② Mga subjective at objective na sintomas
- ③ Taas, timbang, circumference ng baiwang, paningin, at pandinig
- ④ Thoracic X-ray na pagsusuri
- ⑤ Presyon ng dugo
- ⑥ Pagsusuri ng anemia (pagsusuri ng hemoglobin content at bilang ng erythrocyte)
- ⑦ Pagsusuri ng paggana ng atay (pagsusuri ng GOT, GPT, γ -GTP)
- ⑧ Pagsusui ng mga antas ng lipid sa dugo
- ⑨ Pagsusui ng antas ng asukal sa dugo
- ⑩ Pagsusuri ng ihi (pagsusuri ng asukal at protina sa ihi)
- ⑪ Electrocardiogram na pagsusuri



Ang mga medikal na eksaminasyon sa panahon ng pag-hire ay nag-aambag sa naaangkop na alokasyon ng mga manggagawa, at nakakatulong na pamahalaan ang kanilang kalusugan pagkatapos nilang mamasukan sa trabaho. Dagdag pa rito, mahalagang ipatupad ang mga pagsusuring ito sa panahon ng pag-hire, kabilang ang thoracic X-ray na pagsusuri, na may posibilidad na matuklasan ang pagkakaroon ng tuberculosis dahil nadagdagan ang bilang ng mga nakababatang banyagang may impekyon ng tuberculosis sa mga kamakailang taon.

<Mga hakbang para maiwasan ang mga impeksyon sa lugar ng trabaho (tuberkulosis) - Tugon kapag nagkaroon ng outbreak ng tuberkulosis ->

Magpatupad ng tugon para sa tuberkulosis batay sa Batas sa Pag-iwas sa Mga Nakakahawang Sakit at Medikal na Pangangalaga para sa Mga Pasyenteng May Mga Nakakahawang Sakit. Kapag nagkaroon ng outbreak ng tuberkulosis sa isang karaniwang lugar ng trabaho, hindi kabilang ang mga medikal na institusyon, mahalaga ang screening ng nalantad na tao para sa pangunahing layunin ng mabilis na pag-detect at pagtugon sa mga taong nahawahan o posibleng nahawahan ng tuberkulosis.

Ang pangunahing tugon ay kumilos ayon sa mga tagubiling natanggap mula sa pampublikong sentro ng kalusugan. Gayunpaman, pangunahing tungkulin ng mga negosyo ang matukoy ang mga nalantad na tao, magbigay ng paliwanag sa mga empleyado, irekomendang sumailalim sa peryodikong medikal na pagsusuri ang mga taong hindi pa nagagawa ito, at magsagawa ng screening ng nalantad na tao.

Mga peryodikong medikal na pagsusuri

Dapat magsagawa ng mga peryodikong medikal na pagsusuri isang beses kada taon para mapatingnan ang mga item na iniaatas ng batas para sa mga full-time na manggagawa (mga technical intern trainee). (Artikulo 44 ng Ordinansa sa Kaligtasan at Kalusugan)

Ipinapakita sa ibaba ang mga peryodikong medikal na pagsusuri mula ① hanggang ⑪.

- ① Anamnesis at kasaysayan ng trabaho
- ② Mga subjective at objective na sintomas
- ③ Taas, timbang, circumference ng baiwang, paningin, at pandinig
- ④ Thoracic X-ray na pagsusuri at pagsusuri ng plema
- ⑤ Presyon ng dugo
- ⑥ Pagsusuri ng anemia (pagsusuri ng hemoglobin content at bilang ng erythrocyte)
- ⑦ Pagsusuri ng paggana ng atay (pagsusuri ng GOT, GPT, γ-GTP)
- ⑧ Pagsusui ng mga antas ng lipid sa dugo
- ⑨ Pagsusui ng antas ng asukal sa dugo
- ⑩ Pagsusuri ng ihi (pagsusuri ng asukal at protina sa ihi)
- ⑪ Electrocardiogram na pagsusuri


Mga Halimbawa ng Mga Pinsala Dahil sa Trabaho

Mga Halimbawa ng Mga Pinsala Dahil sa Trabaho na Kinasasangkutan ng Mga Technical Intern Trainee sa mga Trabahong Nauugnay sa Agrikultura

Panghuli, magpapakita kami ng ilang halimbawa ng mga pinsala dahil sa trabaho. Pag-isipang gumamit ng mga ligtas na pamamaraan sa trabaho para maiwasan ang mga aksidente, at gamitin ang checklist sa katapusan ng seksyong ito.

Halimbawa 1

Sinubukan ng isang technical intern trainee na gumagamit ng pang-ani para sa trabahong pag-aani na mag-alis ng damong ugat na nakakabit sa makina sa pamamagitan ng paglalagay ng kamay niya sa umiikot na bahagi ng makina, kaya nahila at napinsala ang mga daliri niya.



Para maiwasan ang mga aksidente

Turuan nang maaga ang mga technical intern trainee na palaging ihinto ang pagpapatakbo sa makina kapag na-aalis ng bara tulad ng damong ugat. Dagdag pa rito, kung may mga blade ang makina, magsuot ng guwantes na resistant sa hiwa at gumamit ng mga naaangkop na tool para alisin ang damong ugat.


Halimbawa 2

Ang isang technical intern trainee na nagbubukod-bukod ng mga sibuyas ay sinubukang mag-alis ng tangkay sa mga umiikot na roller at naipit ang guwantes niya sa pagitan ng mga roller, kaya napinsala ang kanang kamay niya.

Para maiwasan ang mga aksidente

Posibleng magdulot ng mga aksidente ang pagsusuot ng guwantes depende sa uri ng trabahong ginagawa. Samakatuwid, dapat itakda ng mga nagpapatupad ng organisasyon kung dapat gumamit ng guwantes o hindi para sa ilang partikular na trabaho, at dapat silang magbigay ng mga naaangkop na tagubilin sa mga technical intern trainee.

Dagdag pa rito, tiyaking ihinto ang pagpapatakbo sa makina bago mag-alis ng mga bagay depende sa sitwasyon tulad ng laki ng mga bagay na aalisin.



Halimbawa 3

Ang isang technical intern trainee na nagtatanim ng mga punla ng repolyo ay sinubukang mag-alis ng maliliit na batong naipit sa pagitan ng planting machine crawler at mga gulong, pero naipit ang guwantes niya sa makina, kaya napinsala ang mga daliri sa kanang kamay niya.

Halimbawa 4

Ang isang technical intern trainee na naggigiling ng mga patay na puno gamitin ang isang wood chipper ay sinubukang sumipa ng debris na humaharang sa wood chipper, pero nahila siya sa umiikot na blade, kaya napinsala ang mga daliri sa kaliwang paa niya.

Halimbawa 5

Aksidenteng napindot ng isang technical intern trainee ang start switch sa isang nakahintong automatic packing machine habang nililinis ito. Umandar ang automatic packing machine kaya naipit ang kanang kamay ng trainee, at napinsala ito sa pagitan ng mga gumagalaw na bahagi ng makina.

Halimbawa 6

Nagkakabit ang isang technical intern trainee ng rolyo ng plastic bag sa loob ng isang automatic packaging machine, nang maipit at mapinsala ang kanang kamay niya sa pagitan ng mga gumagalaw na bahagi ng makina dahil umandar ito nang hindi inaasahan.

Halimbawa 7

Ang isang technical intern trainee na gumagamit ng packaging machine para mag-impake ng mga mushroom ay sinubukang mag-ayos ng problema sa packaging film, kaya naipit at napinsala ang kanang kamay niya ng crimping and cutting unit sa makina.

Halimbawa 8

Habang inaangat ang kahoy gamit ang lubid na nakatili sa mga fork sa isang forklift, sinubukan ng isang technical intern trainee na maglatag ng mga bakal na tubo sa ibaba ng lifting area, pero humiwalay ang lubid at nahulog ang kahoy, kaya napinsala ang hinlalaki sa kaliwang kamay ng trainee.


Halimbawa 9

Habang gumagamit ng hydraulic shovel at sinusubukang magbitin at maglipat ng bakod nang may nakatayong technical intern trainee sa itaas ng bakod, naipit at napinsala ang mga binti ng trainee dahil sa bucket cylinder na bahagi ng hydraulic shovel.

Tingnan at i-tick ang bawat item.

1	Nakapagtalaga ba ng safety and health manager? (Tulad ng safety and health advocate o safety advocate*)	☐
2	Kinabitan ba ang makinarya at kagamitan ng mga pantakip at safety device?	☐
3	Nagsagawa ba ng mga inspeksyon at pagkukumpuni para matiyak na magagamit nang ligtas ang makinarya at kagamitan?	☐
4	Malinis, maayos, at organisado ba ang lugar ng trabaho?	☐
5	Nagpapagamit ka ba sa mga trainee ng pamprotektang gear para magawa nang ligtas ang trabaho? (Safety boots, safety belt, guwantes, helmet, gas mask, atbp.)	☐
6	Nagbigay ba ng edukasyon sa kaligtasan at kalusugan? (Kapag nagha-hire o kapag nagbago ang uri ng trabaho, atbp.)	☐
7	Tinitiyak mo bang nauunawaan ng mga trainee ang mga pamamaraan sa trabaho? → Paano? ☐ Sa Japanese ☐ Sa katutubong wika nila ☐ Ipinapakita ng instructor	☐
8	Pinapaaral mo ba sa mga trainee ang kinakailangang Japanese at mga pangunahing senyas para maunawaan nila ang mga tagubilin at iba pang impormasyon para maiwasan ang mga pinsala dahil sa trabaho?	☐
9	Gumagamit ka ba ng mga larawan at iba pang bagay para mapadali sa mga trainee na maunawaan ang mga senyas at display para maiwasan ang mga pinsala dahil sa trabaho?	☐
10	Nagpapagawa ka ba sa mga kwalipikadong trainee ng trabahong nangangailangan sa kanilang kumuha ng lisensya o kumumpleto ng kurso ng skill training?	☐

*Iniaatas ng Batas sa Kaligtasan at Kalusugan sa Trabaho na magtalaga ng “Safety and health advocate” sa mga lugar ng trabaho na gumagamit ng 10 hanggang wala pang 50 regular na manggagawa, at magtalaga ng “Safety manager (kwalipikadong tauhan)” sa mga lugar ng trabaho na gumagamit ng mahigit 50 regular na manggagawa sa mga industriya tulad ng panggugubat. Hindi kasali ang agrikultura sa pangangailangan ng pagtatalaga ng mga espesyalistang ito. Gayunpaman, inirerekomendang italaga ang taong namumuno sa pagtataguyod ng mga hakbang sa kaligtasan bilang “Safety advocate” at magpatupad ng mga aktibidad tulad ng 5S para magbigay ng mga hakbang sa kaligtasan sa pagsasanay sa technical intern.



**Punong Tanggapan / Mga panrehiyong tanggapan ng Organisasyon para sa
Pagsasanay sa Technical Intern at address ng mga branch na tanggapan**

Pangalan ng tanggapan	Namamahalang prefecture	Post code	Address	Num. ng Tel.
Punong Tanggapan	—	108-0022	LOOP-X 3F, 3-9-15, Kaigan, Minato-ku, Tokyo	03-6712-1523 (Numero ng pangunahing operator) 03-3453-8000 (Call center)
Tanggapan sa Sapporo	Hokkaido	060-0034	Maruito Kita4-jo Bldg. 5F, 2-8-2 Kita4-johigashi, Chuo-ku, Sapporo-shi, Hokkaido	011-596-6445 (Dibisyon ng Paggabay)
Tanggapan sa Sendai	Aomori, Iwate, Miyagi, Akita, Yamagata, Fukushima	980-0803	Sendai Fukoku Seimei Bldg. 6F, 1-2-1 Kokubuncho, Aoba-ku, Sendai-shi, Miyagi	022-398-6126 (Dibisyon ng Paggabay)
Tanggapan sa Tokyo	Tochigi, Gunma, Saitama, Chiba, Tokyo, Kanagawa, Yamanashi	101-0041	Urban Center Kanda Sudacho 4F, 2-7-2 Kandasudacho, Chiyoda-ku, Tokyo	03-6433-9971 (Dibisyon ng Paggabay)
Branch sa Mito	Ibaraki	310-0062	Asahi Seimei Mito Bldg. 2F, 1-2-40 Omachi, Mito-shi, Ibaraki	029-350-8856 (Dibisyon ng Paggabay)
Branch sa Nagano	Niigata, Nagano	380-0825	Nakajima Kaikan Bldg. 6F, 1361 Suehirocho, Minaminagano, Nagano-shi, Nagano	026-217-3556 (Numero ng pangunahing operator)
Tanggapan sa Nagoya	Shizuoka, Gifu, Aichi, Mie	460-0008	Nikken/Sumisei Bldg. 5F, 4-15-32 Sakae, Naka-ku, Nagoya-shi, Aichi	052-684-8412 (Dibisyon ng Paggabay)
Branch sa Toyama	Toyama, Ishikawa, Fukui	930-0004	Toyama Kogin Bldg. 11F, 5-13 Sakurabashidori, Toyama-shi, Toyama	076-481-7560 (Dibisyon ng Paggabay)
Tanggapan sa Osaka	Shiga, Kyoto, Osaka, Hyogo, Nara, Wakayama	541-0043	Osaka Asahi Seimei Bldg. 4F, 4-2-16 Koraihashi, Chuo-ku, Osaka-shi, Osaka	06-6210-3722 (Dibisyon ng Paggabay)
Tanggapan sa Hiroshima	Tottori, Shimane, Okayama, Hiroshima, Yamaguchi	730-0051	Hiroshima Rijodori Bldg. 3F, 3-1-9 Otemachi, Naka-ku, Hiroshima-shi, Hiroshima	082-207-3126 (Dibisyon ng Paggabay)
Tanggapan sa Takamatsu	Tokushima, Kagawa	760-0023	Takamatsu Kotobukicho Prime Bldg. 7F, 2-2-10 Kotobukicho, Takamatsu-shi, Kagawa	087-802-5850 (Numero ng pangunahing operator)
Sangay sa Matsuyama	Ehime, Kochi	790-0003	Gibraltar Seimei Matsuyama Bldg. 2F, 7-1-21 Sanbancho, Matsuyama-shi, Ehime	089-909-4110 (Numero ng pangunahing operator)
Tanggapan sa Fukuoka	Fukuoka, Saga, Nagasaki, Oita, Okinawa	812-0029	Nikkan Kogyo Shinbun Seibu Branch Bldg. 5F, 1-1 Komondomachi, Hakata-ku, Fukuoka-shi, Fukuoka	092-710-4083 (Dibisyon ng Paggabay)
Sangay sa Kumamoto	Kumamoto, Miyazaki, Kagoshima	860-0806	MY Kumamoto Bldg. 8F, 1-7 Hanabatacho, Chuo-ku, Kumamoto-shi, Kumamoto	096-223-6470 (Dibisyon ng Paggabay)

Manual ng Mga Hakbang sa Kaligtasan at Kalusugan para sa Mga Technical Intern Trainee
<Mga Trabahong Nauugnay sa Agrikultura> Bersyong Tagalog

Na-issue noong Marso 2025

Ginawa at na-issue ng: Organisasyon para sa Pagsasanay sa Technical Intern
LOOP-X 3F, 3-9-15, Kaigan, Minato-ku, Tokyo, 108-0022
Website <https://www.otit.go.jp/>

Isinalin at na-edit ng: Torindo Co., Ltd.
6F PMO Tamachi, 5-31-17 Shiba, Minato-ku, Tokyo 108-0014
Website <https://torindo.ne.jp>

Ginawa ang manual na ito alinsunod sa mga batas mula Oktubre 2024.
